# Ang Makapangyarihang Diyos Na Nalantad

Philadelphia, Pennsylvania, USA

Hunyo 29, 1964

1 May kaunti akong mga Kasulatang isinulat na nais kong ipangusap sa inyo, at nagtitiwala akong pagpapalain ng Diyos ang mumunti nating mga pagsisikap. Ngayon, ipinagtataka ng marami kung bakit napakakatuwa at napakaingay natin. Alam n'yo kasi, medyo kakaiba ang kumbensyong ito kaysa sa kinasanayang makita ng mga tao; at karaniwan ang lahat ay walang kasigla-sigla. Ngunit kapag dumadalo tayo sa mga kumbensyong ito (na naging pribilehiyo ko na sa loob ng ilang taon mula ng una itong magsimula), kung hindi man natin masyadong alam kung ano'ng dapat nating gawin, basta't dumudulog tayo at isinusuko natin ang ating mga sarili. Iyan lang ang alam nating gawin, at ang Diyos na ang gumagawa ng iba pa. Kaya't dahil diyan ay nagiging napakapekulyar natin kung kumilos. Nung isang araw may nagsabi, "Alam mo, talagang napakakatuwa n'yong tao." Ang sabi ko, "Buweno, sa wari ko nga." Ha.

2 At naaalala ko ang isa sa mga kumbensyon. Ikinuwento sa akin minsan ni Brother Troy ang tungkol sa isang Alemang nagsabing natanggap niya ang Bautismo ng Espiritu Santo. At kinabukasan sa pagawaan na kaniyang pinapasukan, nagtataas siya ng kaniyang mga kamay, at nagpupuri sa Panginoon, at nagsasalita ng iba't ibang wika, at sadyang umaasta nang di maganda. At sa bandang huli ay nilapitan siya ng kaniyang amo na nagsabi, "Heinie, anong nangyayari sa'yo?" Ang sabi niya, "Ah, naligtas kasi ako." Aniya, "Sadyang nag-uumapaw sa kagalakan ang aking puso." Ang sabi ng amo niya, "Buweno, malamang ay nagpunta ka sa bungkos ng mga baliw (nuts) na naroroon."

Ang sabi niya, "Oo! Luwalhati sa Diyos!" aniya, "Salamat sa Panginoon dahil sa mga tuwerka (nuts)." Ang sabi pa niya, "Pag inalis mo lahat ng tuwerka (nuts) sa sasakyang dumadaan sa kalsada, ang matitira sa iyo ay isang bungkos na lang ng basura." At mukhang tama nga iyon, alam n'yo.

3 Isang araw sa California, bumabaybay ako sa mga kalsada ng Los Angeles, may nakita akong isang lalaki na may karatula sa kaniyang dibdib at dito; ang sabi nito, "Isa akong baliw para kay Cristo." At tinitignan siya ng lahat, at napansin ko silang lumilingon paglampas niya. At naisip kong sumunod sa kanila. Sa likod niya ay may nakalagay na, "Kaninong baliw kayo?" Pakiwari ko nga'y kakatuwa tayo sa isa't isa, alam n'yo. Ngunit, alam n'yo kasi, ang mundo'y labis na nasasadlak sa nakagawian, na kapag may isang bagay na kakaiba itinuturing itong kakatuwa, hanggang sa iniisip na ng mga tao na ito'y mali. At kadalasan kinakailangang gumawa ng Diyos ng isang bagay na di pangkaraniwan upang maibalik muli ang mga tao sa Biblia.

4 Nakikini-kinita kong si Noe ay nagmistulang isang baliw sa siyentipikong panahong kinabuhayan niya, sapagkat kaya nilang patunayang walang tubig sa himpapawid. Ngunit sinabi ng Diyos na magkakaroon doon tubig, kaya't nang ipangaral at sampalatayanan iyon ni Noe, naging isa siyang baliw. At nakikinikinita ko na nang magtungo si Moises sa Egipto, mistula siyang isang baliw kay Faraon; ngunit alalahanin, si Faraon ay isa ring baliw sa kaniya. Kaya't sila'y . . . Napagtatanto natin iyon.

5 Maging si Jesus ay ibinilang na isang erehe. Tama. Si Martin Luther ay isang baliw sa iglesiang Catolico, at si John Wesley ay isang baliw sa Anglican. Kaya't alam n'yo, oras na para sa isa namang baliw; hindi ba, sa palagay n'yo . . . ? Ngunit bago magkaroon ng isang tuwerka (nut), alam n'yo, kailangan munang magkaroon ng isang turnilyo upang maikabit dito. Kaya't alam n'yo na, si Noe bilang tuwerka, siya'y . . . Kailangan ang tuwerka, hinahatak nito ang turnilyo, iniipit ang isang bagay at pinagdidikit ito. Kaya't nagawa ni Noeng hatakin lahat ng sasampalataya papasok sa arka para makatakas sa paghuhukom sa pamamagitan ng pagiging isang tuwerka (nut).

Makikita natin na hinatak ni Moises ang iglesia palabas ng Egipto sa pamamagitan ng pagiging isang tuwerka. Tama.

6 Sa palagay ko'y kailangan na natin ng isang tuwerka (nut) ngayon upang hatakin ang Nobya palabas ng iglesia. A-ha. Kailangan na natin ng isang bagay ngayon, ng isa pa.

Kaya't napakakakatuwa nating uri ng mga tao. At naisip ko ngayong gabi, kung loloobin ng Panginoon, nais kong bumasa ng ilang mga Kasulatan patungkol dito, at mangungusap ako sa inyo ng ilang sandali lamang, at susubukan kong ipakita sa inyo kung bakit ganu'n tayo kakatuwang mga tao.

Buksan natin ang mga Kasulatan sa ikalawang kabanata ng Mga Taga Filipos, 1 at 8, at sa II Mga Taga Corinto 3:6; at basahin natin ang Salita ng Diyos, habang sumasampalataya tayo. At ngayon, bago tayo bumasa, magsiyuko tayo para sa panalangin.

7 Mahabaging Ama sa langit, tunay na mga tao kaming nabigyan ng pribilehiyo ngayong gabi na makapamuhay sa kapanahunang ito, upang makita ang mga bagay na namamasdan naming nagaganap, at upang malamang ang oras ng pagdating ni Jesus para sa Iglesia ay nalalapit na. Oh, iyan ay labis na nagpapagalak sa aming mga puso, Panginoon.

Sa aming pagbubuklat ng mga pahina ngayong gabi, idinadalangin naming bigyan Mo po kami ng isang

konteksto mula sa tekstong ito; at nawa'y ihayag ng Espiritu Santo sa aming mga puso ang mga bagay na magiging mainam at kaaya-aya sa Diyos. Sapagkat hiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen.

8 Alam n'yo, sa wari ko'y hihilingan ko kayong gumawa ng isang bagay. Karaniwan ay humihiling ako ng mga kakaibang bagay, at sana'y hindi masyadong kakaiba ang hinihiling ko. Ngunit kapag nangangako tayo ng katapatan sa bandila, lahat tayo ay tumatayo; at kapag dumadaan ang bandila, tumatayo tayo at dapat lang; at tumatayo tayo upang sumaludo. Tayo nga'y magsitayo habang binabasa natin ang Salita, kung inyong mamarapatin: II Mga Taga Corinto 3:6. Na sa amin naman ay nagpapaging sapat na ministro ng bagong tipan; hindi ng titik, kundi ng espiritu: sapagkat ang titik ay pumapatay, datapuwa't ang espiritu ay nagbibigay ng buhay. Ngunit kung ang pangangasiwa ng kamatayan, na nasusulat, nauukit sa mga bato, ay nangyaring may kaluwalhatian, ano pa't ang mga anak ni Israel ay hindi makatitig sa mukha ni Moises, dahil sa kaluwalhatian ng kaniyang mukha; na ang kaluwalhatiang ito'y lumipas;

Paanong hindi lalong magkakaroon ng kaluwalhatian ang pangangasiwa ng espitritu?

Sapagkat kung ang pangangasiwa ng kahatulan ay may kaluwalhatian, ay bagkus pa ngang higit na sagana sa kaluwalhatian ang pangangasiwang ukol sa katuwiran. Sapagkat katotohanang ang pinaluwalhati ay hindi pinaluwalhati sa bagay na ito, ng dahil sa kaluwalhatiang sumasagana. Sapagkat kung ang lumilipas ay may kaluwalhatian, ay lalo pang nanatili ay nasa kaluwalhatian. Yaman ngang mayroong gayong pag-asa ay ginagamit namin ang buong katapangan ng pananalita. At hindi gaya ni Moises, na nagtalukbong ng kaniyang mukha upang ang mga anak ni Israel ay huwag magsititig sa katapusan niyaong lumilipas: Datapuwa't ang kanilang mga pag-iisip ay nagsitigas; sapagkat hanggang sa araw na ito, pagka binabasa ang matandang tipan, ang talukbong ding iyon ay nananatili na hindi itinataas, na ito'y naalis sa pamamagitan ni Cristo.

Datapuwa't hanggang sa araw na ito, kailan ma't binabasa ang mga aklat ni Moises, ay may isang talukbong na nakatakip sa kanilang puso.

Ngunit kailan ma't magbalik sa Panginoon, ay maaalis ang talukbong. Ngayon ang Panginoon ay siyang Espritu: at kung saan naroon ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan. Datapuwa't tayong lahat, na walang talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay nababago tayo sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoon na Espritu.

9 At sa Mga Taga Filipos 2 mababasa natin ito, simula sa una hanggang sa ikawalong talata: Kaya nga kung mayroong anomang kasiglahan kay Cristo, kung mayroong anomang kaaliwan ng pag-ibig, kung mayroong anomang pakikisama ng Espiritu, kung mayroong anomang mahinahong awa at habag, Ay lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo'y mangagkaisa ng pagiisip, mangagtaglay ng isa ring pag-ibig, na nangagkaisa ng akala, at isa lamang pag-iisip;

Na huwag ninyong gawin ang ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawa't isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili; Huwag tingnan ng bawa't isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawat isa naman ay sa iba't iba. Magkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na ito'y na kay Cristo Jesus din naman: Na siya, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na dapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios, Kundi bagkus hinubad niya ito, at naganyong alipin, na nakitulad sa mga tao: At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus.

10 Manalangin tayo. Makalangit naming Ama, ang dakilang Salitang ito na binasa ngayong gabi mula sa Iyong banal Kasulatan ay gawin mong tunay na tunay sa aming mga puso, upang makahayo kami mula rito tulad ng mga nanggaling sa Emmaus na nagsasabing, "Hindi ba't nag-alab ang ating mga

puso sa ating kalooban habang kinakausap Niya tayo sa daan," sapagkat hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen. (Maaari na kayong maupo.)

11 Ngayon, isa itong napakakakatuwang teksto, ngunit akmang-akma ito para sa okasyon. Nais kong mangusap sa paksang, "Ang Makapangyarihang Diyos Na Nalantad Sa Ating Harapan."

Ngayon, simula pa nang magkaroon ng tao, may uhaw na sa puso niya na malaman kung saan siya nagmula, at kung ano'ng dahilan ng pagkaparito niya, at kung saan siya pupunta. Iisa lang ang makasasagot niyan; Yaong nagdala sa kaniya rito. At noon pa man ay ninasa na ng taong makita ang Diyos.

12 Nung Lumang Tipan makikita nating tinabingan ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa mga di mananampalataya. Napakakakatuwa ng pamamaraan ng Diyos ng pakikitungo sa mga tao. Nagtatago Siya sa di mananampalataya at inihahayag naman Niya ang Kaniyang Sarili sa mananampalataya. Ganiyan ang ginagawa ng Diyos. Pinasalamatan ni Jesus ang Ama na inilihim Niya ang mga bagay na ito sa mga

pantas at matatalino at inihayag sa mga sanggol na handang matuto. Kaya makikita nating ang Diyos ay hindi nagbabago sa Kaniyang katangian, at sa tuwina ay gumagawa Siya sa iisang paraan. Nakita natin sa Malakias 3 na sinabi Niyang, "Ako ang Diyos, at hindi Ako nagbabago." Kaya't gumagawa Siya sa iisang prinsipyo sa lahat ng pagkakataon.

13 Ngayon, ihalimbawa natin ang isa sa mga pinakamatandang Aklat ng Biblia. Nang si Job, isa sa pinakamatuwid na lalaki ng kaniyang panahon, isang sakdal na lalaki sa mga kautusan ng Diyos, isang lingkod, marangal, kagalang-galang na lingkod, na sinabi pa ng Diyos, "Wala siyang katulad sa lupa" . . . Ngunit ang pagnanasa niya minsan na makita ang Diyos . . . Alam niyang mayroong Diyos, at ninasa niyang makita Siya, o, makapunta sa Kaniyang tirahan at makakatok sa pinto, at makapagsabing, "Nais kong makipag-usap sa Iyo," maupo, makipag-usap sa Kaniya, tulad ng ginagawa natin sa isa't isa. Nagkakaunawaan tayo. Kaya nga naririto tayo sa mga ganitong kumbensyon, kung saan ay nagsasama-sama tayo, at inihahayag natin ang ating mga kaisipan; at higit tayong nagkakaunawaan kapag pinag-uusapan natin ang mga bagay-bagay. At ganiyan ang ginagawa ng mga ministro. Ganiyan ang mga tao sa lahat ng lakad ng buhay, pinag-uusapan nila ang mga bagay-bagay.

14 At si Job . . . Napakatotoo ng Diyos sa kaniya, ninasa niyang malaman kung hindi ba siya maaaring kumatok sa Kaniyang pinto at Siya ay makapanayam. Ngunit nakita natin na nangusap nga ang Diyos sa kaniya, ngunit Siya ay nakalambong. Nakalambong Siya sa anyo ng isang ipu-ipo. At sinabihan Niya si Job na magbigkis ng kaniyang baywang; mangungusap Siya sa kaniya tulad sa isang tao. Nanaog Siya nang nasa isang ipu-ipo at nangusap kay Job. At nahayag siya kay Job sa pamamagitan ng ipu-ipo, ngunit hindi naman niya talaga Siya nakita. Naririnig lang niya ang hangin na umiihip at umiikot sa mga punongkahoy; at ang Tinig ay lumabas mula sa ipu-ipo, ngunit ang Diyos ay nalalambungan ng ipu-ipo.

15 Makikita natin sa Africa (South Africa) ginagamit nila ang salitang "Amoyah," na ang ibig sabihin ay "isang di nakikitang lakas." At ang di nakikitang lakas na ito na nasa ipu-ipo ay may tinig na naririnig. Nangusap ito kay Job, ngunit hindi niya nakita ang Kaniyang anyo; ngunit natatabingan Siya sa kaniya ng ipu-ipo.

Nakita natin ang isa sa mga dakilang propeta ng Biblia, si Moises, ng Lumang Tipan, isa sa mga hinirang ng Diyos, pinili, itinalagang mga propeta, ninasa rin niyang makita Siya. Naging napakalapit niya sa Kaniya at nakakita siya ng napakaraming bagay mula sa Kaniyang dakila, mahiwagang kamay na nangunguna sa kaniyang harapan at gumagawa ng mga bagay na ang Diyos lamang makagagawa. Isang araw ay ninasa niyang makita Siya, at sinabi sa kaniya ng Diyos, "Humayo ka, tumindig ka sa bato."

At habang nakatayo siya sa bato, nakita Siya ni Moises na dumadaan. Nakita niya ang Kaniyang likuran. At ang sabi niya, "Tulad ito sa isang tao," isang likuran ng tao. Ngunit hindi niya nakita ang Diyos; ang tabing lang ng Diyos ang kaniyang nakita.

16 Ang sabi ng Biblia, "Walang taong nakakita sa Diyos kailanman, ngunit ipinakilala Siya ng bugtong na Anak ng Ama." Kaya't nakita Siya ni Moises na nalalambungan tulad sa isang tao.

At nakikita nating ang Jehova ng Lumang Tipan ay si Jesus ng Bagong Tipan. At si Dr. Scofield, makikita nating nagbabago ang kaniyang salita, galing sa anyo, makikita natin ang salitang "en morphe" sa Griego, na nangangahulugang "ang di nakikita ay ginawang nakikita." Isang bagay na hindi maaaring . . . Alam nating iyon ay naroroon. Maaari ngang hindi nakikita, ngunit, alam nating naroroon. At nang magbago Siya ng anyo ng en morphe, na ang ibig sabihin ay nag-iba Siya mula sa supernatural patungo sa natural . . . At nagpalit lang Siya ng Kaniyang maskara.

O kaya'y, tulad ito sa isang drama; gumaganap Siya. Sa Griego kapag magpapalit sila ng maskara, marahil ang isang aktor ay gumaganap ng ilang iba't ibang parte. At ang anak kong babae (narito siya) . . . Kadadaos lang nila ng isang drama sa high school. At sila'y . . . May isang batang lalaki akong kilala na gumanap ng apat na parte, ngunit siya ay nagpupunta sa likod ng entablado at nagpapalit ng maskara upang sa paglabas niya ay iba naman ang tauhan na kaniyang gagayahin.

17 Ngayon, kung kukunin mo ang mga hula sa Lumang Tipan tungkol sa Mesias, maaari mo itong ikumpara sa buhay ni Jesus, at akmang-akma ito sa kung sino ba si Jesus. Hindi lang Siya isang karaniwang tao; Siya ay Diyos, en morphe. Nagpalit Siya ng anyo mula sa supernatural patungo sa natural na anyo ng isang tao; gayunman Siya ang Diyos na nahayag sa laman, nalalambungan ng isang tabing ng laman ng tao. At masdan n'yo ang Lumang Tipan . . .

Alam kong nangungusap ako sa halo-halong tagapakinig mula sa iba't ibang bahagi ng mundo. Naririto tayo upang alamin: ano ba'ng ginagawa natin? Ano ba ang ating . . . Saan ba tayo pupunta? Ano ba'ng nangyayari? Ano ba'ng kahulugan ng lahat ng ito?

18 At ngayon, makikita natin dito na kung kayo ay mga Judiong lalaki at babae . . . At ang mga rabi ng unang panahon, kung nagmanman lang sila sa Biblia, sa mga propesiya, imbes sa mga tradisyon, nakilala sana nila kung sino si Jesus. Hindi sana nila Siya tinawag na Beelzebub; hindi sana nila Siya ipinako sa

krus. Ngunit kinailangang maganap lahat ng iyon; bahagi iyon ng drama. At nabulag sila sa kasong ito.

19 Tulad lang iyan ng marami sa inyong mga kalalakihan at kababaihang naririto ngayong gabi, na marahil ay kasing edad ko o higit pa. Naaalala n'yo ba maraming taon na ang nakalilipas dito sa Amerika na ang mga Intsik (ang kapatid kong kakapakilala pa lamang, naisip ko ito nang kausap ko siya), kung papaanong dati-rati sila'y . . . Hindi sila makapagsalita ng Ingles, at sila ang nagpapalakad ng mga palabahan. At pumupunta kayo sa kaniyang palabahan upang magpalaba. Ang labanderong Intsik ay kukuha ng isang pirasong papel at pupunitin niya ito sa isang paraan. Kukunin mo ang isang bahagi ng papel; kukunin niya ang kapares. Ngunit pagbalik mo upang kunin ang mga pag-aari mo, kinakailangang magduktong ang dalawang pirasong iyon. At kung hindi ito maglapat nang husto (Hindi mo kasi ito maaaring gayahin sa anumang paraan, dahil nasa kaniya ang isang piraso at nasa iyo ang kabiyak.), at kung ito ay magaya man . . . At may karapatan kang angkinin kung ano ang sa iyo. Kung gayon, nasa sa iyo na kung ano'ng pag-aari mo kapag taglay mo ang kabiyak ng kontrata.

Gayundin sa gabing ito kapag taglay natin ang kabiyak ng kontrata. Nang hatiin ng Diyos sa dalawa ang Kaniyang Anak sa Kalbaryo, iniakyat Niya ang katawan bilang isang hain, at isinugo ang Espiritu sa atin, na minsang nabuhay sa isang Lalaki, na si Jesus, ang iisang Diyos na nalalambungan ngayong gabi sa anyo ng Espiritu Santo; ang dalawang pirasong iyon ay kailangang maglapat; kung gayon ay bahagi ka ng kontrata. Ginawa ng Diyos na tao ang Kaniyang Sarili upang higit Siyang makilala ng tao.

20 Binabasa ko ang isang kuwento ilang taon na ang nakalilipas, at sa kuwentong ito ang sabi'y may isang dakilang hari, isang marangal na hari . . . Nakalimutan ko na ang kaniyang pangalan ngayon. Iniisip kong isaysay ang tungkol sa kuwentong ito. Marahil isa itong kathang-isip, ngunit magdadala ito sa atin sa isang puntong magbibigay ng isang background sa kung ano'ng nais nating sabihin.

Ang haring ito, napakarangal niyang hari at gayon na lang ang pagmamahal niya sa kaniyang mga kinasasakupan, hanggang sa isang araw sa harap ng kaniyang mga guwardya at sa mga kasama niyang maharlika ay sinabi niya, “Sa araw na ito, ito ang huling pagkakataong makikita n'yo ako sa loob ng maraming taon.”

At ang sabi ng kaniyang guwardya at ng kaniyang mga maharlika, “Butihing Hari, bakit mo sinasabi 'yan? Ikaw ba ay magtutungo sa isang bayang banyaga upang maging isang dayuhan?”

Ang sabi niya, “Hindi, mananatili ako rito. Mangyari kasi,” aniya, “Makikisalamuha ako sa aking mga kinasasakupan. Magiging isa akong magsasaka. Mangangaingin akong kasama ng mga mamumutol ng punongkahoy. Magbubungkal ako ng lupa kasama ng mga magsasaka. Mangangalaga ako ng mga punongkahoy kasama ng mga tagapangalaga ng mga iyon. Magiging isa ako sa kanila upang higit kong malaman ang kanilang ginagawa. Mahal ko sila, at nais ko silang higit na makilala nang personal. Hindi nila malalamang ako iyon, ngunit nais kong magkakilala kami sa gayong paraan.”

21 At kinabukasan nang ang mga kinasasakupan niya'y . . . At lahat ng sakop niya (o ang mga nasa palasyo) ay nakita siyang naghubad ng kaniyang korona at inilapag niya ito sa upuan (sa trono), at hinubad niya ang kaniyang balabal, at nagsuot ng damit ng magsasaka, at nakihalubilo sa mga karaniwang tao.

Ngayon, sa munting kuwentong iyon ay makikita natin ang tungkol sa Diyos. Sinabi nila sa hari, anila, “Hari, nais ka namin. Mahal ka namin. Nais naming manatili kang hari.”

Ngunit ninasa niyang maging isa sa kanila upang higit silang makilala, nang sa gayon ay higit din nila siyang makilala, kung ano ba talaga siya. Malalantad sa kanila kung ano ba talaga siya.

22 At 'yan ang ginawa ng Diyos. Binago Niya ang Kaniyang Sarili mula sa pagiging Diyos na Jehova upang maging kaisa natin, upang Siya ay magdusa, upang matikman Niya ang kamatayan, malaman Niya kung ano'ng kirot ng

kamatayan, at inako Niya ang parusa ng kamatayan sa Kaniyang Sarili. Isinaisang-tabi Niya ang Kaniyang korona at ang Kaniyang balabal at naging isa sa atin. Nakipaghugasan Siya ng paa sa mga hamak. Nakipamahay Siya sa mga maralita. Natulog Siya sa kagubatan at sa mga lansangan kasama ang mga kapos-palad. Naging isa Siya sa atin upang higit Niya tayong maunawaan, at upang higit natin Siyang maunawaan.

23 Ngayon, sa palagay ko diyan ay makikita natin kung anong pagbabago ang ginawa Niya sa Kaniyang Sarili. Kung mapapansin n'yo, dumating Siya sa tatlong pangalan ng anak. Dumating Siya sa Ngalan ng Anak ng tao, Anak ng Diyos, at Anak ni David. Dumating Siya bilang Anak ng tao. Ngayon, sa Ezekiel 2:3, tinawag mismo ng Diyos si Ezekiel na propeta bilang anak ng tao. Ang kahulugan ng anak ng tao ay isang propeta. Kinailangan Niyang dumating sa gano'ng paraan upang matupad ang Deuteronomio 18:15, kung saa'y sinabi ni Moises, “Ang Panginoon n'yong Diyos ay magpapalitaw sa inyong kalagitnaan ng isang Propetang tulad sa akin.” Hindi Niya tinawag ang Kaniyang Sarili na Anak ng Diyos. Tinukoy Niya ang Kaniyang Sarili bilang ang Anak ng tao, sapagkat kinakailangang dumating Siya ayon sa Kasulatan.

Kita n'yo? Kinakailangan Niyang paglapatin nang husto ang dalawang pinunit na pirasong iyon ng papel, ang hula ng Lumang Tipan at ang Sarili Niyang pagkatao. Kaya't dumating Siya bilang Anak ng tao, dumating Siya sa gayong anyo.

24 At nakita natin, matapos ang Kaniyang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na muli, dumating Siya sa araw ng Pentecostes bilang Anak ng Diyos—Diyos, ang Espiritu, sa anyo ng Espiritu Santo. Ano'ng ginagawa Niya? Binabago Niya ang Kaniyang Sarili, nagpapakilala Siya sa Kaniyang bayan sa ibang anyo. Tulad ng Espiritu Santo, na Diyos, dumating Siya upang makitungo sa mga kapanahunan ng iglesia bilang Anak ng Diyos, ang Espiritu Santo. Ngunti sa Milenyum darating Siya bilang Anak ni David upang umupo sa trono ni David: Hari. Kukunin Niya ang trono ni David; nasa trono Siya ng Ama ngayon. At pagkatapos ay sinabi Niya, "Ang magtagumpay ay uupong kasama Ko sa Aking trono, tulad ng Ako'y nagtagumpay at umupo sa trono ng Aking Ama." Kaya't Siya sa Milenyum ay magiging Anak ni David. Ano iyon? Iisang Diyos sa tuwina, nagpapalit lang ng Kaniyang maskara.

Ako ay isang asawang lalaki sa aking maybahay.

25 Napansin n'yo ba na sinabi ng babaeng Sirofenisa, "Ikaw na Anak ni David, mahabag ka sa akin." Siya'y . . . Ni hindi Niya iyon pinansin. Wala siyang karapatang tawagin Siya nang gayon; wala siyang pag-aangkin sa Kaniya bilang Anak ni David. Siya ay Anak ni David sa mga Judio. At ngayon, dumating Siya . . . Ngunit nang tawagin niya Siyang Panginoon (Siya ay kaniyang Panginoon.), nakuha niya ang hinihiling niya. Ngayon, tulad sa . . . Binabago Niya lang ang Kaniyang Sarili.

26 Ngayon, sa tahanan ko tatlo akong magkakaibang tao. Inaangkin ako ng aking maybahay bilang asawa. Ang anak kong babaeng naririto, hindi niya ako inaangkin bilang asawa; ako ay ama niya. At ang maliit kong apo na naririyan, lolo niya ako; kaya wala siyang karapatang tawagin akong ama. Hindi niya ako ama, ang anak ko ang kaniyang ama. Ako ay lolo niya, ngunit iisa lang akong tao. 44 At ang Diyos, ang ginagawa Niya, binago lang Niya ang Kaniyang Sarili upang magkagayon sa henerasyong iyon, upang maipakilala ang Kaniyang Sarili sa bayang iyon. At iyan ang inaalam natin ngayong gabi kaya tayo naririto: Papaano ba nakatakdang ihayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang bayan sa panahong ito? Nagpapalit Siya ng Kaniyang maskara; nagpapalit ng Kaniyang ginagampanan; ngunit hindi Siya nagpapalit ng ugali. Hindi Siya nagpapalit ng Kaniyang katangian; pinagpapalit-palit lang Niya ang Kaniyang maskara. Ginagawa Niya iyon upang higit Niyang maihayag ang Kaniyang Sarili nang mas malinaw sa Kaniyang bayan, nang sa gayon ay makilala nila kung Sino Siya at kung Ano Siya.

27 Sa Hebreo 1 mababasa natin, "Ang Diyos, sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang kaparaanan ay nagsalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, ngunit sa huling mga araw na ito, sa pamamagitan ng Kaniyang Anak na si Jesus." Ngayon, ayon kay Jesus (nang Siya ay naririto sa lupa), ang mga propeta ay mga diyos. "Tinatawag n'yong diyos ang mga dinaratnan ng Salita ng Diyos, at ang mga Kasulatan ay hindi maaaring mabali," aniya. Ang sabi pa nga, "Papaano n'yo Siya hahatulan kung gayon, samantalang Siya ang Anak ng Diyos?" Kita n'yo?

28 Ang Salita ng Diyos ay nakalaan sa bawat kapanahunan—kung ano ba dapat ang kalabasan Nito; at si Jesus ang katuparan ng lahat ng mga hula. "Sa Kaniya ay nanahan ang Kapuspusan ng Pagkadiyos sa kahayagan ayon sa laman." Nanahan Iyon sa Kaniya.

Siya Yaong na kay Jose. Siya Yaong na kay Elias. Siya Yaong na kay Moises. Siya Yaong na kay David, isang tinanggihang hari. Tinanggihan siya ng kaniyang sariling bayan bilang hari. At sa paglabas niya sa hukuman, may isang lalaking may sakit na pagala-gala, hindi niya gusto ang kaniyang pamamahala, ang kaniyang sistema, kaya't dinuraan niya siya. At binunot ng kaniyang guwardya ang kaniyang tabak at nagsabi, "Pananatilihin ko ba ang ulo ng asong ito na dumura sa aking hari?"

At si David, marahil hindi niya napagtatanto ang kaniyang ginagawa sa pagkakataong iyon, ngunit siya ay pinahiran, at sinabi niya, "Huwag mo siyang salingin. Ang Diyos ang nagsabi sa kaniyang gawin ito." At pumanik siya sa burol at iniyakan ang Jerusalem: isang tinanggihang hari.

Napansin n'yo ba, ilang daang taon matapos iyon, ang Anak ni David, ay dinuraan sa mga lansangan, at umakyat din sa burol (iisang bundok) tinanaw ang Jerusalem sa ibaba: isang tinaggihang Hari, at umiyak Siya, "Jerusalem, Jerusalem, gaano kadalas kong ninasang limliman ka tulad ng ginagawa ng isang inahin sa kaniyang mga inakay, ngunit ayaw mo."

29 Hindi Niya kailanman binago ang Kaniyang katangian, 'pagkat ang sabi ng Hebreo 13:8 Siya'y di nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang Diyos ay nagkatawang-tao upang mamatay at tubusin tayo sa kasalanan. Kaya't binago Niya ang Kaniyang Sarili upang maging isang tao.

Makikita natin sa Juan 12:20, narinig ng mga Griego ang tungkol sa Kaniya. Ngayon, walang taong makaririnig tungkol sa Kaniya, na hindi magiinit ang puso upang makita Siya. Tulad ni Job at ng mga propeta nung una, ninasa nilang lahat na makita Siya. Kaya't ang mga Griegong ito ay nagsidating upang makita Siya. Lumapit sila kay Felipe, na taga Bethsaida, at nagsabi, "Ginoo, nais naming makita si Jesus."

30 Ninasa ng mga Griego na makita Siya; ngunit hindi nila Siya nakita, sapagkat Siya ay nasa templo ng Kaniyang pagkatao. Ang Diyos ay na kay Cristo na pinagkakasundo ang sanlibutan sa Kaniyang Sarili. 51 Ngayon, makikita natin dito, hindi Siya makita ng mga Griegong ito. At pansinin n'yo ang mga tinuran ni Jesus sa kanila pagkatapos no'n; ang sabi Niya, "Malibang mahulog ang butil ng trigo sa lupa at mamatay, mananatili itong nag-iisa." Sa ibang salita, hindi nila kailanman Siya makikita sa pagbabagong iyon, sa maskarang suot-suot Niya noon, sapagkat Siya ay nalalambungan ng laman ng tao. Ngunit kapag nahulog sa lupa ang Butil ng Trigong ito, iluluwal Nito ang lahat ng lahi. Isinugo Siya sa mga Judio, ano pa nga ba, nung pangkakataong iyon, ngunit ang Butil ng Trigong ito ay kinakailangang mahulog. Ang Diyos na nalalambungan ng laman ng tao ay nakakubli sa mga di mananampalataya, ngunit naihahayag sa mga mananampalataya.

31 Sa Juan 1 . . . Nang pasimula ay ang Salita, ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang-tao, at nanahan sa ating kalagitnaan, (at nakita natin Siya . . . ang bugtong ng Ama,) puspos ng biyaya . . .

Ngayon, nang pasimula ay ang Salita. Ang isang salita ay isang kaisipang inihayag. Nang pasimula ni hindi pa nga Siya Diyos. Ngayon, ang salitang Ingles natin ngayon na "god" ay nangangahulugang "isang bagay na

pinatutungkulan ng pagsamba." Nakalilito ito sa isipan. Maaari mong gawing isang diyos ang isang tao. Maaari mong gawing diyos ang anumang bagay. Ngunit sa Lumang Tipan sa Genesis 1, "Nang pasimula ang Diyos . . ." ang salitang ginamit ay "Elohim." Ang "Elohim" ay nangangahulugang "Yaong nabubuhay na mag-isa." Kakaibang-kakaiba ang salitang "Elohim" sa salita nating "god." Ang "Elohim" ay nangangahulugang "Yaong nabubuhay na mag-isa."

Hindi tayo maaaring mabuhay na mag-isa. Hindi tayo maaaring maging makapangyarihan sa lahat, makapangyarihang gumawa ng lahat, nasa lahat, nakaaalam ng lahat. Isinasaad ang lahat ng iyan ng Elohim. Hindi tayo maaaring maging gayon. Ang punongkahoy na ginagawa ninyong diyos, o ang gusali, hindi ito nabubuhay na mag-isa (self-existing).

32 Kaya't ang Diyos, nang pasimula, ay Buhay, ang Walang Hanggan. Sa Kaniya ay may mga katangian, at ang mga katangiang iyon ay naging mga salita, at ang Salita ay nagkatawang-tao. Si Jesus ang Manunubos. At ang "tumubos" ay nangangahulugang "magsauli." At kung kinakailangan Niyang magsauli, kinakailangan itong maibalik sa isang lugar. Samakatuwid, nauunawaan n'yo na, hindi ito makikita ng lahat ng tao, sapagkat hindi lahat ng tao ay nasa kaisipan ng Diyos nung pasimula. Kita n'yo?

33 Tignan n'yo ang mga pari. Nang makita nilang hinahayag Niya ang Kaniyang Sarili ayon sa Salita, kung ano Siya, ang sabi nila, "Si Beelzebub ito." Ipinakita no'n kung saan naroon ang kanilang katangian; ito'y nasa modernong kaisipan ng araw na iyon. Ngunit nang makita Niya ang babaeng bayaran sa pintuang bayan, at sinabi Niya sa kaniya—ipinamalas Niya ang Kaniyang tanda ng pagiging Mesias sa pamamagitan ng pagsasabi sa kaniya kung ano'ng ginawa niya, aba'y ang sabi niya, "Ginoo, napaghahalata kong isa Kang propeta. Nalalaman naming pag dumating ang Mesias, sasabihin Niya sa amin ang lahat ng mga bagay na ito." Kinilala niya Siya bilang Mesias, ang Pinahiran, sapagkat natupad Niya ang mga kuwalipikasyong isinasaad sa Kasulatan. Hindi n'yo ba nakikita? And dalawang piraso ng papel ay naglapat. "Nalalaman naming pag dumating ang Mesias . . ."

34 Ngayon, maaaring kinailangang paghaluin ng Diyos ang ganito at ganiyan upang makuha ang isang tunog ng kampana, tulad ng manghuhulma, ngunit nang lumingon si Jesus at magsabi, "Ako Siya na nangungusap sa iyo," hindi nagkaroon ng pahayag tulad ng "Beelzebub." Iniwan niya ang kaniyang banga, tumakbo siya sa bayan, at nagsabi, "Halikayo, tignan n'yo ang isang Lalaki, na nagsabi sa akin ng mga bagay na aking ginawa. Hindi ba't Ito na ang Mesias?" Kita n'yo?

Ngayon, ano'ng ibinunsod nito, ng paglakip ng lumang Kasulatan sa karanasan na ipinaranas ni Jesus sa kaniya, ano'ng nagawa nito? Nabuo nito ang Mesias. At napansin n'yo ba? Pagdaka'y napatawad ang kaniyang mga kasalanan, sapagkat nung pasimula pa lamang ay maaari na siyang matubos; sapagkat siya ay nasa kaisipan ng Diyos sa pasimula. Kaya't ntubos siya o napanumbalik siya, nang makita niya ang nahayag na Kasulatan na ipinamalas ni Jehova: kung ano Siya dati; kung ano Siya sa kasalukuyan.

35 Ngayon, nang dumating si Jesus, kung pumarito Siyang dala ang mensahe ni Noe, hindi ito uubra: ang magtayo ng isang arka at maglayag. Hindi iyon uubra. Ngunit si Noe ay bahagi ng Diyos. Kumilos siya sa isang pekulyar na pamamaraan, sapagkat pekulyar siya. At ang mensahe niya ay pekulyar, sapagkat iyon ang Salitang ipinahahayag noon. Hindi siya maaaring dumating taglay ang mensahe ni Moises, sapagkat hindi iyon uubra. Si Moises ay bahagi ng Diyos na nahayag; siya ang Salita ng Diyos na nahayag para sa oras na iyon. Ngunit hindi maaaring dumating si Jesus sa panahong iyon. Hindi sinabi ng Bibliang darating Siya sa gayong paraan. Ngunit nang dumating Siya at ganap na nahayag ayon sa isinasaad ng Tipan, nang magkagayo'y sumampalataya lahat ng mga maaaring matubos; sapagkat sila ay mga kaisipan ng Diyos. At ang mga katangian Niya nung pasimula ay nahayag sa laman at maaari nang matubos, at naipanumbalik sa Diyos. "Sa mga nagsitanggap sa Kaniya, ay ipinagkaloob Niya ang

kapangyarihan upang maging mga anak ng Diyos," sapagkat sila ay maaaring matubos. Sa pasimula pa lamang ay nasa paghahayag na sila.

36 Kung magagawa lang nating huminto rito sandali (kung maaari lamang) at pag-isipan ngayong gabi, ang tungkol sa mensahe ng kapanahunan, ang ipinahayag na mga kaisipan ni Jehova . . . Bago pa itatag ang sanlibutan, ang sabi sa atin ay naisulat na ang ating mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero. Kung magkagayon ay makikita natin ang magkabilang banda, tulad ng una ko nang sinabi, kung bakit ang bawat isa ay kakatuwa sa isa't isa. Kailangang magkagayon. Laging gayon; dati nang gayon; at magkakagayon sa tuwina. Siya ang Salita, at ang Salita ay nagkatawang-tao at nanahan sa ating kalagitnaan.

37 Ngayon, makikita nating matapos magpakita ng Diyos sa Kaniyang bayan nung Lumang Tipan sa iba't ibang anyo, nagkubli Siya sa likod ng mga balat ng hayop: nakatago ang Diyos sa likod ng mga balat ng hayop sa Kaniyang trono ng awa. Makikita natin kung papaanong nang ialay ni Solomon ang templo ng Panginoon, nakasabit doon ang mga balat ng hayop, ang tabing— kung papaanong dumating Siya bilang Haliging Apoy at bilang Ulap, at pumanaog Siya sa likuran niyon, at nagtabing Siya sa mga nasa labas. Ngunit sa pamamagitan ng pananampalataya alam ng Israel na Siya ay naroon sa likuran. Alam nilang Siya ay naroroon, anuman ang kinailangang sabihin ng mga hiteno. Siya ay nakatago sa mga di mananampalataya; alam ng mananampalataya, sa pamamagitan ng pananampalataya, na Siya ay naroroon sa likuran; nagkamit sila ng awa. At Siya ay nasa Kaniyang luklukan ng awa, na isang dakilang lihim.

38 Alam n'yo, sa Lumang Tipan ang lumagos sa balat na iyon ay nangangahulugan ng kamatayan. Ngayon, ang manatili sa labas ay kamatayan. Noon ang pumasok sa Kaniyang kaluwalhatian ay kamatayan; ngayon ang manatiling malayo sa Kaniyang kaluwalhatian ay kamatayan. Anupa't naganap iyan sa pagkapunit ng tabing sa Kalbaryo, nang ang tabing ay mapunit, ang dating tabing. Ngayon, ang manatiling nasa labas ng Kaniyang Presensya ay kamatayan. Noon ang pumasok sa Kaniyang Presensya ay kamatayan. Kita n'yo? Nagsasalitan ito, at dapat mong makita ang Kasulatan upang makita mo kung ano'ng araw na ang kinabubuhayan natin.

39 Ngayon, nang mapunit ang tabing sa Kalbayo, nalantad ang Luklukan ng Awa, ngunit ano'ng nangyari? Nakabitin Iyon sa Kalbaryo, Duguan. Tulad din ng kailangan nilang kumuha ng dugo taon-taon sa paglilinis ng sangtuwaryo at sa pagwiwisik ng luklukan ng awa, doon naman, ang Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang dakila, at makapangyarihang haplit ng lakas ng kidlat, ay pinunit ang lumang tabing na yari sa balat ng hayop mula sa itaas pababa, at ang Luklukan ng Awa ay lubos na nalantad. Ang tunay na Kordero ng Diyos ay lantarang nakabayubay sa Kalbaryo, ang tunay na Luklukan ng Awa, nang ang Diyos mismo ang magbayad ng halaga at naging isa sa atin, at naghayag ng Kaniyang Sarili bilang isang tao upang makilala tayo at makilala din naman natin Siya.

Ang Luklukan ng Awa ay lubos na nalantad sa buong Israel sa araw na iyon ng Katubusan.

40 Ngunit sa kasawiang-palad, tinabingan ng mga tradisyon ng mga magulang ng simbahan sa araw na iyon ang tunay na Luklukan ng Awa sa mga tao sa pamamagitan ng kanilang mga tradisyon. Kung nalaman lang sana nila ang Kasulatan, bawat piraso ay maglalapat tulad ng kaprasong papel ng Intsik. Ang hula ng Lumang Tipan ay natupad sana, at natupad nga. At kung naturuan sila ng Kasulatan, nakita sana nila ang Luklukan ng Awa.

Tulad ng sinabi dito ni Moises . . . Hanggang sa araw na ito sila'y nalalambungan. Natatalukbungan pa rin ang kanilang mga puso; hindi nila ito nakikita.

41 Ngunit Siya ang Diyos, ang nagdurusa at ang Katubusan. Siya ang tunay na Luklukan ng Awa na nalantad nang lubusan. Tulad ng pagkaawit natin sa himno: Lo! behold Him in plain view, There He is, the mighty conqueror, Since He rent the veil in two.

Kita n'yo, dumating Siya bilang Luklukan ng Awa, lantad na nabayubay sa kongregasyon. Ngunit dahil sila noon ay nasa ilalim ng popular na opinyon . . . Ngayon, mga kalalakihan at kababaihan, at mga dedegado ng kumbensyong ito, nais ko itong sabihin nang walang kinikilingan. Ngunit sa tingin ko sa araw na ito, nangangamba akong naitago ang dahilan kung bakit tayo naririto sa araw na ito ng tradisyon ng mga magulang, ng mga magulang ng simbahan, sa napakaraming tao. Dahil sa dumating ang Espiritu Santo sa mga huling araw na ito tulad nang naihula, at ang tabing ay napunit na, napakaraming taong nagsisikap na mangunyapit sa mga tradisyon ng mga magulang; at iyan ang dahilan kung bakit hindi nila makita ang labis na kagalakan, at kapayapaan, at mga bagay-bagay na taglay ng simbahan ngayon. Gayunpaman nakalantad ito nang husto sa mga sumasampalataya. Itinago Niya ang Salita, ang ipinangakong Salita ng araw na ito.

42 Ngayon, nakagawa ng tabing ang mga tradisyon. Sinasabi nilang lumipas na ang panahon ng mga himala. Kinausap ako ng isang lalaki, isang mahusay, at aral na ginoo sa Tucson, Arizona, kung saan ako nakatira. Nagdaos ako ng gawain sa Ramada; at nagsasalita kami noon sa Business Men's convention,

kung saan ay dumating ang Panginoong Jesus at gumawa ng dakilang mga bagay. At ang Cristianong ginoong ito ay lumapit sa akin at nagsabi (isang ministro ng simbahan, mahusay na lalaki), at aniya, “Brother Branham, sinisikap mong magpakita sa mga tao ng isang apostolikong panahon,” ika, “samantalang natapos na ang apostolikong panahon.”

At ang sabi ko, “Pakisabi nga sa'kin, kapatid ko, ipakita mo sa'kin kung kailan natapos ang panahong apostoliko sa Kasulatan.” Ang sabi ko, “Ang panahong apostoliko ay nagsimula sa araw ng Pentecostes, at ito'y . . . Ang sabi ni Pedro sa araw ng Pentecostes, 'Ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa mga nasa malayo, gaano man karami ang tawagin ng Panginoong Diyos.' Kailang ito nagtapos? Kung ang Diyos ay tumatawag pa rin, kung gayon ang panahong apostoliko ay nagpapatuloy pa rin.”

43 At kaya nga, diyan sinusubukang piringan ng mga tao ang marami, sa pamamagitan ng mga tradisyon ng matatanda, tulad din ng dati. At hindi n'yo maintindihan kung bakit ang mga tao ay labis na nagagalak at napapasigla. At napakakakatuwa, kakaibang-kakaiba ang mga kumbensyong ito sa ibang tao, dahil namamalas nila. Nakalagos sila sa mga harang; nakalagos sila sa mga tabing papasok sa Presensya ng Diyos kung saan ay nakikita nila ang naipamalas na pangako ng oras na ito na nahayag sa harap ng mga tao. Nakikita nila kung ano'ng ipinangako ng Diyos.

44 Sa Joel 2:28 ipinangako Niya na sa huling mga araw na ito ay may bubuhos na panghuling ulan sa mga tao. Sa wari ko ang salitang Griego diyan ay “kenos,” na ang ibig sabihin ay “Ibinuhos Niya ang Kaniyang Sarili,” hindi tulad sa paraang sinasabi natin, gaya ng may isang bagay na nasa loob ng isang tao na ibinuhos hanggang sa maubos, ngunit ibinuhos Niya ang Kaniyang Sarili. Binago Niya ang Kaniyang en morphe. Nagbago Siya ng anyo mula sa kung ano Siya noon patungo sa kung ano Siya ngayon. Hindi Niya binababago ang Kaniyang katangian.

Ngunit sa araw ng Pentecostes binago Niya ang Kaniyang Sarili mula sa pagiging Anak ng tao tungo sa pagiging Anak ng Diyos. Dumating Siya, hindi kasama ng mga tao, dumating Siyang nananahan sa mga tao (Kita n'yo?), iisang Diyos upang maipagpatuloy ang Kaniyang ministeryo sa dakilang kapanahunang ito.

45 Inihula Niya sa Biblia na may darating na araw na hindi magiging araw o gabi, ngunit sa panahon ng gabi ay magliliwanag. Ngayon, ang araw, sa lugar nito, ay sumisikat sa silangan at lumulubog sa kanluran. Iisang araw lang iyon.

Ngayon, nang inihayag ng Son (S-o-n) ang Kaniyang Sarili sa manipestasyon ng ipinangakong Salita sa Israel, sa mga silanganing tao . . . Nagkaroon tayo ng makulimlim na araw. Nagkaroon tayo ng sapat na liwanag sa mga tagareporma at iba pa upang makapagtatag ng mga simbahan at denominasyon, at makasapi sa mga iyon; at upang humalik sa mga sanggol; at magkasal sa mga matatanda; at maglibing ng patay, at iba pa; at manirahan sa simbahan. “Ngunit sa panahon ng gabi ay magliliwanag,” ang sabi Niya, “sa panahon ng gabi.” At walang Kasulatang maaaring mabali. At ibinuhos ng So-n ding iyon ang Kaniyang Sarili (kenos) sa araw ng Pentecostes, ay nangakong gayon din ang gagawin sa panahon ng gabi. Kita n'yo? Ito'y ayon sa pangako.

Paglapatin natin ang piraso ng papel. Tignan mo kung ano'ng nagaganap, at tignan mo kung ano'ng ipinangako Niya, kung magkagayo'y makikita mo kung saan na tayo naroroon. Pagdugtungin mo ito. Makikita mo ang paglalantad ng dakila at makapangyarihang Isang ito. Binulag muli ng mga tradisyon ang mga tao sa mga naihulang dakilang bagay na ito.

46 Si Moises, nang lumabas siya mula sa bundok na nag-aapoy . . . napakaganda ng pagsasalarawan. Nagtungo si Moises sa Egipto at sinabi niya sa mga magulang ng simbahan na binisita siya ng Panginoon Diyos sa Ngalang AKO NGA. Ang Pangalang iyon ay pangkasalukuyan. Siya'y . . . Iyan ay maihahambing sa Hebreo 13:8: “Si Jesus Cristo ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

47 Ito pa rin ang naihulang Salita, at ang kongregasyong nararapat na lumapat sa Salita, ang karansan ng araw na ito . . . “Tinaglay iyon ng mga tagareporma.” Oh, ngunit ibang araw na ito. Tignan n'yo kung ano'ng araw na ang kinabubuhayan natin. 77 Kung papaanong hindi Siya maaaring pumarito sa panahon ng pagdating Niya sa lupa sa paraan ng pagdating ni Moises o ng alin man sa mga propeta; hindi iyon ang nakahula. At sa huling mga araw na ito naihulang darating ito sa ganitong paraan. Hindi ito maaaring dumating sa anyo ng revival ni Luther; hindi ito maaaring dumating sa anyo ng revival ni Wesley; ito'y oras ng pagpapanumbalik. Oras ito upang magbalik sa orihinal na sikat ng araw, sa orihinal.

Oh, gano'n na lang natin maaaring ilatag ang mga Kasulatan tungkol diyan. At kayong mga teologo (tagasaang bahagi man kayo ng daigdig), alam n'yong totoo 'yan. Isa itong pangako. Iyan ang dahilan kaya nagiging napakakakatuwa ng mga tao. Kaya sila mga kakatuwang uri ng tao (oddballs) tulad ng tawag n'yo sa kanila; ito'y dahil sa sila'y . . . Ito'y . . . Ang tabing ay nahapak na mula sa tradisyon, at ito'y nakikita na nila. Siya'y di nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman. Pangako ito ng Diyos, at hindi natin ito maaaring salungatin, 'pagkat ang mga Kasulatan ay hindi maaaring mabali.

Siya nga, makikita nating ipinangako Niyang ibubuhos Niya ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang bayan, at Siya'y di nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman.

48 Si Moises, pagkatapos niyang magpunta sa Egipto at magpahayag, binindika ng Ama ang kaniyang mensahe sa pamamagitan ng pagpanaog sa Bundok Sinai sa iisang Haliging Apoy at pinag-apoy Niya ang bundok. Napansin ba natin ang pinangakuan Niya, pinalabas Niya siyang taglay ang Salita. Taglay niya ang mga utos, at upang makuha ang utos, kinailangan niyang . . .

Ang mga kautusan ang Salita noon; hindi pa dumarating ang Salita sa mga tao. Kaya nga ang Salita ay dumarating sa propeta sa tuwina, at siya ang propeta para sa oras na iyon. Tulad ng si Jesus ay ang Salita noon. Si Juan ay isang propeta, at si Jesus ay lumapit sa kaniya sa tubig, sapagkat ang Salita ay dumarating sa propeta sa tuwina nang walang mintis. Kita n'yo? Ang Salita ay dumarating sa . . .

49 Kaya't dumating kay Moises ang Salita, ang kautusan, at tinaglay niya ang mga ito.

Ngayon, aba'y, bago naibigay at naipamalas ang Salita, kinailangang lambungan ni Moises ang kaniyang mukha, sapagkat hindi pa ganap na naipamamalas ang Salita. Alam nilang may isang bagay na nangyari, ngunit hindi nila alam kung ano iyon (ang pag-ugong at pagkulog), kaya't sinabi nila, "Si Moises na lang ang magsalita at huwag na ang Diyos."

At sinabi ng Diyos, "Buweno, gagawin Ko iyan. Magmula ngayon hindi na ako magpapakita nang ganito. Magsusugo Ako sa kanila ng isang propeta. Kaya't siya'y . . . Mangungusap Ako sa pamamagitan ng Aking propeta."

50 Ngayon, kung si Moises sa natural na kautusan (tulad ng inihayag sa atin ni Pablo dito sa II Taga Corinto) ay kinailangang magtalukbong ng kaniyang mukha sa natural, lalo pang higit na magiging maluwalhati ang espirituwal at matatabingan sa di mananampalataya bago ito maipamalas sa kanila. Lalo pa nilang tatawaging . . . Kakatuwa si Moises noon. Gaano pa kaya kayo, na nakalagos sa tabing, nakapasok sa Haliging Apoy, at lumabas taglay ang mga pagpapala? At ngayon kayo ay nalalambungan. Hindi ito makita ng mga tao. Hindi nila ito maintindihan. Kung maluwalhati ang natural, lalo na ang supernatural. Kung ang natural, na may katapusan, ay nakatakdang maging maluwalhati, lalo nang magiging maluwalhati itong walang katapusan.

51 Ngunit nalalambungan pa rin ito. Hindi ito nalalambungan sa mananampalataya, kundi sa di mananampalataya; hindi niya ito makita. Sa tuwina ay nagkukubli Siya sa di mananampalataya. Itinatago ito ng mga tradisyon. Tulad ng ginawa nila noon, gayon ang ginagawa nila sa araw na ito. Isang espirituwal na tabing ang nasa atin ngayon, samantalang noon ay natural na tabing. Binindika ng propetang taglay ang isinulat na Salita, isang tagapropesiya, na dumating taglay ang isinulat na Salita upang Ito'y paglinawin: alam nilang naroroon ang Salita, ngunit hindi nila nalalaman kung ano'ng kahulugan Niyon; at nilinaw Iyon ni Moises. Ang sabi niya, "Ganito ang sinasabi ng kautusan, at ito ang dahilan." Pinaglinaw niya Iyon. At bago napaglinaw, dati Iyong may lambong.

52 At gayon din sa araw na ito, Ito'y naikubli sa mga tao hanggang sa maipahayag at mapaglinaw sa mga tao—ang Diyos, ang makapangyarihang Diyos, na nalalambungan ng katawang tao, ang Salita.

Pansinin. Ngayon, nakikita nating itinago Ito sa di mananampalataya, ngunit inihayag sa mananampalataya. Pansinin. Kinailangang pumasok sa Haliging Apoy si Moises na mag-isa; walang maaaring sumama sa kaniya. Hindi ito . . . Ito'y . . . Ano'ng sinasabi niyon sa atin? Na hindi ka makapapasok dito sa pamamagitan ng pagsali sa isang grupong Pentecostal. Kita n'yo? Hindi Niya Ito inihayag sa isang grupo; inihayag Niya Ito sa isang indibiduwal. At ganiyan din sa araw na ito. Sasabihin mo, "Kabilang ako sa isang simbahan; kabilang ako sa ganito." Ngunit hindi iyan uubra. Kita n'yo? At sa susubok na sumunod kay Moises, at gagaya ay mamatay. At gayundin sa araw na ito, espirituwal na kamatayan ang mapapala ng manggagaya. Iyan ang . . .

53 Sa gabing ito tutungo tayo sa paglitaw ng mga karnal na panggagaya sa kalagitnaan ng mga grupo, sa taong sumusubok na umarte at mamuhay ng ibang buhay: nagagawang uminom, manigarilyo, ang mga kababaihan ay namumuhay sa anumang paraang nais nila, at tulad ng sanlibutan, at namamalagi sa bahay upang manood ng telebisyon, at—at ang mga bagay ng sanlibutan, pagkatapos ay tinatawag pa ring Pentecostal ang kanilang mga sarili. Sinusubukan nilang gayahin ang isang tunay na bagay. Hindi pa ito nahahayag sa kanila. Kapag nahayag na Ito, ito'y maluwalhati at may kung ano'ng bagay na nag-aalis niyan sa iyo pagpasok mo roon. Nagiging isa kang tabing. Sadyang hindi iyon uubra. At ang gumaya dito ay mamamatay.

54 Si Moises ay nalambungan, siya ang Salita sa mga tao. At sa araw na ito, ang mga taong nalalambungan ay gayon din; sila ay mga isinulat na liham, na binabasa ng lahat ng tao, hindi isang bagong liham, kundi ang nahayag na isinulat na liham. Sila ang mga sumasamapalataya sa Salita sa pangako ng araw na ito na ibubuhos ng Diyos ang Kaniyang Espiritu sa lahat ng laman; at 'yan ang isinulat na liham. At kapag iyan ay sinubukang gayahin sa karnal na paraan ng isang tao, ito'y

bubuwelta. Ang buhay mo ang nagpapakita kung ano ka.

55 Minsan ay may isang batang lalaki; napasok siya sa isang kaguluhan. Isa siyang mabait na bata, ngunit napunta siya sa hukuman; at ang sabi ng hukom, "Napatunayan kong nagkasala ka. Kailangan kitang parusahan ng pagkabilanggo ng buong buhay."

Ang sabi niya, "Nais ko pong ako ang lumitis sa aking kaso." Aniya, "Nais kong halungkatin ang aking record." Sumagot siya, "Walang kang record. Ang record mo nga ang nagkukundena sa iyo."

At ganiyan din sa araw na ito. Ang dahilan kaya hindi makausad ang iglesia gaya ng nararapat ay dahil sa record: isa itong kasinungalingan. Kinakailangan nating maging higit na dedikado. Dapat nating paniwalaan ang bawat Salita ng Diyos. Dapat tayong maghangad hanggang sa maging totoo ang Salita sa atin. Kita n'yo? Ang record ang humahadlang sa atin upang makapasok.

56 Ngunit isang pagkakataon (upang mapatakas kayo sa bitag na ito) sa hukuman ding ito, ang batang lalaki ay walang pera. Hindi niya kayang magbayad. Ang multa ay nasa libu-libong dolyar. Ngunit may kuya siyang dumating at nagbayad para sa kaniya.

Ngayon, mayroon tayong Kuya, si Jesus, ang Anak ng Diyos; at dumating Siya upang magbayad para sa atin, kung sasampalataya lang tayo at tayo ay makapapasok sa tabing na kasama Niya. Parang Siya ang Moises natin . . . Si Jesus ang ating Moises sa araw na ito; si Moises na nalambungan ang buhay na Salita sa mga tao noon. Sa araw na ito, si Jesus na nalalambungan ang Buhay na Salita sa mga tao na . . . Si Jesus na nasa Iglesia, ang Espiritu Santo, ang Anak ng Diyos, nasa mga tao, nagpapahayag ng Salita sa pamamagitan ng pangako ng araw na ito, tamang-tama. Ganu'n din ngayon.

At alalahanin, ginawa ito ni Moises at ipinamalas, hindi sa buong sanlibutan, kundi sa bayang papalabas: sa iisang uri lamang ng mga tao, ang mga nagsilabas—sa exodo. At sa araw na ito ang Espiritu Santo, sa harap ng mga taong nagsasabi, "Hindi tama ang Makadiyos na pagpapagaling." . . . Nang kumukunsulta ako . . .

57 May isang duktor na tumawag sa akin nung isang araw tungkol sa isang babae . . . Oh, may apat o limang mga kaso roon na nasa bingit na ng kamatayan, oras na lang ang itinaning, ngunit pinagaling sila ng Espiritu Santo. Kinukuwestyon iyon ng duktor; ang sabi niya, "Papaanong mangyayari ito? Aba'y," ika niya, "pasyente ko iyan." Ang sabi ko, "Dati, ngunit ngayon ay sa Diyos na. Sakop na Niya ito." Kita n'yo?

At kaya nga, ang Diyos kasi ay tumatawag ng isang exodo mula sa likod ng makalamang tabing na sumusubok na manggaya, sumusubok na sumapi sa iglesia, hindi mga Methodist, Baptist, o mga Presbyterian man, kundi mga Pentecostal na iglesia. Pang-indibiduwal ito; ikaw at ang Diyos. Ikaw ang kailangang pumasok, hindi ang iyong grupo, hindi ang iyong iglesia, hindi ang iyong pastor, kundi ikaw ang dapat pumasok.

58 Nais kong pansinin n'yo ang isa pang katangian ni Moises. Nang lumabas siya, bagama't isang propeta, isang dakilang lalaking tulad niya, nang lumabas siyang taglay ang Salita, nakita ng bayan na siya ay nabago. May kung anong nangyari sa kaniya. Nang lumabas siyang taglay ang binindikang Salita ng oras na iyon, ang mga kautusan, naging isa siyang bagong tao. At magkakagayon ka rin kapag nakalabas ka sa makataong tabing na nagtatawa sa isang pagtitipong tulad nito, ang taong iyon na natitisod sa Makadiyos na pagpapagaling, at nagsasabing, "Ang panahon ng mga himala ay lumipas na." . . . Pag nakakawala ka mula sa makataong tabing na iyon, sa tabing ng tradisyon, kung magkagayo'y malalaman ng lahat na may kung ano'ng nangyari sa iyo.

59 Tulad ng kagalang-galang na si Brother Jim Brown, sa wari ko'y halos lahat ng mga Presbyterian ay nakaaalam na may nangyari sa kaniya, sapagkat nanggaling siya sa isang tabing ng tradisyon. May kung anong bagay siyang nakita sa mga tao na pumukaw sa kaniya, at lumabas siya sa tabing. Buweno, kapag ikaw ay . . . Kapag lumabas ka sa tabing, malalantad ka nang lubusan sa mga tao, makikita nilang may kung anong nangyari sa iyo. Ang Salita ay nalalambungang sa di mananampalataya, ngunit lantad na lantad sa mananampalataya: Si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.

60 Kung magkagayon ang Diyos na iyon . . . Sa mga araw na iyon ang Diyos ay nasa isang tao, sa Kaniyang Anak, na si Jesus Cristo. Naniniwala tayo riyan. Hindi lamang isang propeta, hindi lamang isang karaniwang tao, ordinaryong tao; ang Diyos Iyon na nakay Cristo, Diyos, na nasa isang tao, ang Kapuspusan ng Pagkadiyos na nasa katawan ng isang tao. Ang Diyos, nasa isang tao; ngayon, ang Diyos ay nasa mga tao (Kita n'yo?), ang kapuspusan ng Diyos na nasa Pagkadiyos na nananahan sa katawan ng Kaniyang buong Iglesia, ipinahahayag ang Kaniyang Sarili, tinutupad ang Kaniyang Salita.

61 Ngayon, makikita natin, sa lahat ng mga panahon ang Diyos ay nagkaroon ng balat. Siya'y . . . Ang Diyos ay nakubli sa likod ng tabing. Pinapaalala nito sa akin ang isang munting kuwentong nangyari sa katimugan. Mayroon daw isang tahanang Cristiano. At sa tahanang Cristianong ito sumasampalataya sila sa Diyos, at naniniwalang pinuprutektahan Niya sila sa lahat ng kaguluhan; at ginagawa Niya nga iyon. At mayroon silang munting Junior (isang maliit na batang lalaki na pito o walong taong gulang), at

dumadalo siya ng Sunday School at isa siyang napakabait na batang lalaki; ngunit takot siya sa bagyo, lalo na kapag kumikidlat.

62 Nang ikuwento ko ito sa isang lalaki nung isang araw, nang malathala ang artikulo tungkol sa lalaking napagaling, ang ministrong ito ay nagsabi, "Ginagawa ka nilang Diyos, Brother Branham."

Buweno, isa siyang kritiko, kaya't naisip kong hahayaan ko na lang— medyo puputulin ko iyon nang kaunti, hindi para manakit, alam n'yo na, kundi bahagyang . . . Ang sabi ko, "Malayo ba sa Kasulatan ang ganiyan?" Kita n'yo? Ang sabi ko, "Hindi, di ito malayo." Ika ko, "Sapagkat tinawag na mga diyos ni Jesus ang mga propeta." Kita n'yo? Tama. Ang Diyos . . .

At ang sabi nila, "Buweno, kinukuha ninyo ang lugar ng Diyos." Hindi masyadong lihis iyan; ganiyan nga talaga (Ganiyang-ganiyan nga.): Ang Diyos ay nahayag sa laman, tulad ng Kaniyang ipinangako.

63 Ang pamilyang ito, makikita nating . . . Sinabi ko sa kaniya ang munting kuwentong ito (at ngayon lang ay naalala ko), na isang gabi may dumating na bagyo, at sinabi ng nanay kay Junior, "Umakyat ka na, anak, at matulog." 105 Ang sabi niya, "'Nay, natatakot ako." Ang sabi niya . . . "Walang makasasakit sa iyo. Umakyat ka na't matulog." 106 Nahiga si Junior, at nagliliwanag ang kidlat sa mga bintana, at natakot nang husto ang bata, isinuot niya ang ulo niya sa ilalim ng sapin ng kama, ngunit naririnig pa rin niya ang kidlat—o nakikita n'ya pa ring nagliliwanag ang kidlat sa mga bintana, at naririnig pa rin niya ang dagundong ng kulog; kaya't tumawag siya, "Nanay."

At ang sabi niya, "Ano'ng gusto mo, Junior?" Aniya, "Umakyat ka rito at samahan mo akong matulog."

Kaya't pumanik siya sa hagdanan tulad ng sinumang tapat na ina; umakyat siya, at niyakap niya si Junior, at nagsabi, "Junior, gusto kang kausapin ng nanay sandali." Ang sabi niya, "Sige, nanay."

Aniya, "Ngayon, pakatandaan mo. Nagsisimba tayo palagi; nagbabasa tayo ng Biblia; nananalangin tayo; isa tayong Cristianong pamilya; naniniwala tayo sa Diyos." At wika pa niya, "Naniniwala tayo na sa panahon ng mga unos at sa anumang nagaganap, ang Diyos ang ating proteksyon."

Ang sabi niya, "Mama, pinaniniwalaan ko ang lahat ng iyan," ngunit aniya, "kapag masyadong malapit ang kidlat," ika niya, "Gusto ko ng isang Diyos na may balat."

64 Kaya sa palagay ko, hindi lang si Junior, kundi lahat tayo ay nakadarama nang ganiyan. Kapag nagkakasama-sama tayo, kapag nagpapanalanginan tayo sa isa't isa . . . Diyos na may balat."

At makikita natin dito na ang Diyos sa tuwina ay may balat. Nang makita Siya ni Moises, may balat Siya; mukha siyang isang tao. Nang ang Diyos ay nasa likod pa ng tabing, mayroon Siyang balat. At ang Diyos sa gabing ito na nasa Kaniyang Iglesia ay natatabingan sa loob ng Iglesia sa pamamagitan ng balat. Siya pa rin ang Diyos na iyon ngayong gabi. Makikita natin iyan.

Ngunit ngayon, tulad ng dati, ang tabing ang sumasalo sa mga tradisyon. Sadyang hindi nila mapaniwalaang ang Diyos ang nagpapakilos sa mga tao nang gayon. Kita n'yo? Sapagkat ang Diyos ay natatabingan sa loob ng Kaniyang iglesia, sa loob ng balat, may balat. Tama. Nakatago Siya sa mga di mananampalataya at nahahayag sa mananampalataya. Siya nga po.

65 Ngayon, nang mapunit ang tabing ng mga tradisyon ng mga matatanda at ang Salita ay nalagos na (oh, siyempre pa, sa araw na ito), ito ay ganap na nalantad, nakikita na natin Siya: ang Pagkadiyos ay muling nalalambungan ng laman ng tao. Ito ang sabi sa Hebreo 1, at gayon din ng Genesis 18. Alalahanin n'yo ang Diyos noon ay naging isang Tao, nakatayo roon na kumakain at nakikipag-usap kay Abraham, at sinabi Niya kung ano'ng ginagawa ni Sarah sa loob ng kubol na nasa likuran Niya. At ang sabi ni Jesus, "Kung papaano ang naganap sa mga kaarawan ng Sodoma, magkakagayon din sa pagdating ng Anak ng tao," ang Diyos ay muling malalambungan ng laman ng tao.

Ngayon ay alalahanin, hindi sinabi ni Jesus, "Sa panahon ng pagkakahayag ng Anak ng Diyos," sa ika-17 kabanata ng Lucas, sa wari ko, at mga ika-20, ika-21 talata, sa bandang iyan; ang sabi Niya, "Sa panahon ng pagkakahayag ng Anak ng tao," ang Anak ng tao ay nagbalik muli sa iglesia, naihahayag sa mga tao, hindi Anak ng Diyos, kundi ang Anak ng tao muli, nagbalik sa Kaniyang iglesia sa huling mga araw. Makikita nating ipinangako Niya iyan sa mga pangako ng Diyos.

66 Isa pang bagay ang mapapansin natin. Sa Lumang Tipan (may Kasulatan ako rito sa Exodo) ano'ng silbi ng mga balat ng hayop? Ikinubli nito ang kaluwalhatian ng Diyos sa mga tao: ang mga balat ng hayop. Ang dahilan kaya hindi iyon makita ng mga tao ay sapagkat Ito'y nasa loob ng balat . . . Ang balat na iyon ay . . . Ang kaluwalhatian ng Diyos ay nasa likod ng balat. At ngayon, ang Kaluwalhatian ng Diyos ay nasa likod ng inyong balat (Tama.), at hindi ito nakikita ng mga tradisyon. Ang Salita Niya ay nasa panloob na tabing.

67 Ano'ng nasa loob ng mga balat na iyon? At nang ito ay maging laman at manahan sa atin, wala pa rin Itong kagandahan na pakananasahin natin. At ngayon, gayon din sa araw na ito. Walang mananasa

sa kaninumang lalaki o babae, kundi yaong nasa likod nito. 'Yon iyon.

"Buweno," sasabihin mo, "alam kong ang taong iyon ay dating lasenggero. Dati-rati ay ganito ang ginagawa niya." Hindi mahalaga kung ano'ng dati niyang ginagawa. Ano ang nakatago sa likod ng balat na iyon? Ano'ng nasa likod niyan ang mahalaga, iyan ang . . . Ang mga tao ay nabulagan; binubulag ng balat ang mga tao. Kita n'yo.

Ang sabi nila, "Naaalala ko nang ang babaeng iyan ay dati-rating . . ." Alam ko kung ano'ng ginagawa niya dati, ngunit kumusta na ngayon? Kita n'yo? Ang mga balat na iyon ay dating nakabalot sa hayop, ngunit ngayon ay ikinukubli nito ang kaluwalahatian ng Diyos, dito ito naninirahan. Dati itong nakabalot sa hayop, ngunit ngayon ay naninirahan na dito ang kaluwalhatian ng Diyos.

At gayundin naman ang iyong balat ay maaaring maging bahay ng Diyos sa gabing ito, ang Diyos na nanahan sa tao.

68 Tignan n'yo, nakita natin na dati'y nasa likod ng mga balat ng hayop ang Salita. At ang Salita . . . Naroon din ang tinapay na handog. Ang arka ay winisikan. At ano iyon? Ang luwalhating Shekinah ay naroon sa loob.

Ngayon, ang Salita ay isang Binhi, at hindi Ito maaaring umusbong malibang tamaan Ito ng araw. Kinakailangang dumampi ang araw sa binhi upang ito ay makapamunga, upang ito ay makausbong. At sa ganiyang paraan n'yo lang dapat tanggapin ang Salita. Kita n'yo? Tanggapin n'yo ang Salita ng Diyos sa inyong puso at lumakad kayo papasok sa luwalhating Shekinah. At kung magkagayon, maghahatid ito ng manang tinapay na handog na ibinibigay lamang sa isang inihiwalay na bayan. Ang tanging may pahintulot na kumain nito ay ang bayang pinahihintulutan. 1

At pansinin n'yo, ang sabi ni Pablo, "Binababago mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian." Nakikita n'yo ba, sa kahulihulihan ay babalik ito sa orihinal na kaluwalhatian nito. Para lang itong isang binhi sa isang umaga.

69 Ang binhi ng isang bulaklak ay lumalagpak sa lupa. Ang binhi ng mais ay lumalagpak sa lupa. Ano'ng unang nangyayari? Tumutubo ito, at nagiging maliit na usbong; pagkatapos ay nagiging isang palawit. At mula sa palawit ay nagbabalik ito sa orihinal na binhi nito.

Buweno, ganiyan nga ang nangyari sa iglesia. Nagmula ito kina Luther, Wesley, at ngayon, ay nagbalik na sa orihinal na butil, sa luwalhating dating nasa pasimula. Ang araw na sumisikat sa silangan ay siya ring araw na nagpapamalas ng kaparehong bagay sa kanluran, nagbabago mula sa kaluwalhatian tungo sa isa pang kaluwalhatian.

Nabago ito mula sa pagiging pagano patungo kay Luther, at mula kay Luther patungo kay Wesley, at mula kay Wesley papunta sa Pentecostal, at patuloy itong nagbabago mula sa kaluwalhatian tungo sa isa pang kaluwalhatian, nagbubunga ng nakatagong mana. At ngayon, hinog na ito upang maibalik Siya nang katulad na katulad nung pasimula, ang iisang ministeryo Niya, ang iisang Jesus, ang iisang kapangyarihan, ang iisang Espritu Santo. Ang pumanaog sa araw ng Pentecostes ay siya ring Espiritu Santong nahahayag sa araw na ito: mula sa kaluwalhatian, tungo sa isa pang kaluwalhatian, at sa isa pa, at hanggang sa makabalik ito sa orihinal na binhi taglay ang bautismo ng Espiritu Santo, taglay ang parehong mga tanda, parehong mga kababalaghan, kaparehong bautismo, kaparehong mga taong kumikilos sa kaparehong paraan, taglay ang kaparehong kapangyarihan, kaparehong sensasyon. Mula ito sa kaluwalhatian tungo isa pang kaluwalhatian. At ang kasunod ay ang pagbabago mula sa kaluwalhatiang ito patungo sa isang katawang tulad sa Kaniyang maluwalhating Katawan kung saan ay makikita natin Siya. Gayon din ang nakita ni Abraham.

70 Ngayon, pansinin n'yo. Nakikita natin kung papaano itong nabago. Mula pa sa Kalbaryo ay inaanyayahan na tayong makibahagi sa Kaniyang kaluwalhatian. Ngayon, sa I Mga Taga Corinto 12, "Tayo ay binababautismuhan tungo sa Kaniyang Katawan." Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binababautismuhan tayong lahat, hindi sa pamamagitan ng isang tubig; sa isang Espiritu tayong lahat ay binababautismuhan. Tama. Ngayon. At nagiging bahagi Niya tayo. (Sana'y hindi ko kayo masyadong napagtatagal. Kita n'yo? Hindi sana.)

Ngunit tulad lang ito sa isang dakilang symphony na tumutugtog—o sa pagganap ng isang drama. Wala akong masyadong alam tungkol sa mga symphony o drama, ngunit napanood ko dati ang dulang ito. Ang tinutukoy ko ay ang "Carmen", nung ang aking anak na babae ay kasali roon. At sila ay gumaganap sa symphony na ito, sa Carmen. Gumaganap sila . . . Ang musika ay gayon din ang tinutugtog. Ganiyan nga kapag ikaw ay nabautismuhan ng Espritiu Santo patungo kay Cristo.

71 Ngayon, kita n'yo, marami sa inyo ang nakabasa o nakarinig na ng kuwento tungkol sa dakilang Rusong kompositor na lumikha ng "Peter and the Wolf." At kung papaanong isinadula nila iyon kasabay ng mga cymbal at iba pa. At sinumang nakaaalam ng kuwento, binabasa iyon sa papel, at maririnig ang symphony, kung papaanong tinutugtog nito ang drama, aba'y, alam nila ang bawat pagbabago. Maaari

nila itong tignan dito at makikita nila ang pagpapalit ng eksena. Ngunit, ano kayang mangyayari kung sumulat ang kompositor ng isang bagay, pagkatapos ay nakita nating hindi ito natugtog nang tama? Makikita natin kung gayon na may nangyari; may kung ano'ng kulang. Kapag nakita natin ang mga ito . . . Ang may likha ang gumawa at nagsulat nito, at kapag sa pagtugtog ng symphony ay nagkamali ng tipa; may namali. Mali ang ibinigay na muwestra ng direktor. Kita n'yo?

72 At iyan ang problema sa araw na ito, mga kapatid kong Lutheran, mga kapatid kong Baptist, mga kapatid kong Pentecostal, lahat ng kapatid ko sa iba't ibang denominasyon; 'yan 'yon. Kita n'yo? Sinusubukan n'yong tumipa ng isang notang natipa na sa panahon ni Luther, o ni Wesley, ganiyan, samantalang sa katotohanan ay ipinakikita ng Piyesa na ibang araw na ito. Kita n'yo, kita n'yo? Hindi tayo maaaring mabuhay sa liwanag ni Luther; isa siyang reformer. Pinahahalagahan natin ang parte niya, ngunit natugtog na natin iyon. Naririto na tayo sa hulihan ng Aklat ngayon. Kita n'yo? Hindi natin maaaring tugtugin ito nang ganiyan.

73 Ngayon, ganito ang tanging paraan para maisagawa n'yo ito mga kapatid. At mga kapatid ko sa mundo (masasabi ko, sa iba't ibang bahagi ng mundo), isang paraan lang ang maaaring gawin ng direktor na iyon. Kinakailangan niyang mapasa espiritung kinaroroonan ng kompositor, kung magkagayo'y makukuha na n'ya iyon. At kapag ang iglesia, ang mismong symphony (kung saan minamatiyagan ng sanlibutan ang mga tanda at kababalaghang ito), kapag ang iglesia, at ang Kompositor, at ang direktor, ay sama-samang nakapasok sa Espiritu ng Kompositor, kung gayon kapag sinabi nilang, "Ang panahon ng mga himala ay lumipas na," hindi tama ang tipa. Ngunit kapag ito'y napasa tamang indayog at tamang espiritu . . . Papaano n'yo itong magagawa malibang manaog ang Espiritu Santo ng Kompositor? Amen.

74 At kapag sinabi mo, "Ang panahon ng mga himala ay hindi kailanman lumipas," ang symphony ay sumisigaw ng, "Amen." Kapag tinipa natin ang, "Si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman," ang symphony ay sumisigaw ng, "Amen."

"Tatanggapin ninyo ang kapangyarihan pagdating sa inyo ng Espiritu Santo"; ang symphony ay sisigaw ng, "Amen. Taglay ko na ito." Hindi mo na kailangang manghula 'pag nagkagayon; ang buong symphony ay katugmangkatugma ng Salita. Ganito ang pagtugtog [Inilarawan ni Brother Branham sa pamamagitan ng pagpalakpak—Ed.] Ganiyan nga. Oh, napakagandang bagay nito. Ang direktor at ang Kompositor ay kinakailangang mapasaiisang Espiritu, at gayon din ang mga manunugtog upang maisadula ito nang lubusan. At nagtataka ang sanlibutan kung ano'ng nangyayari.

Pinag-uusapan nila ang komunismo, at nasuya na ako dito, at ang lahat ng integrasyong ito, aat iba pa, at segregasyon (Ay, naku naman.), ang ganiyan, at lahat ng walang saysay na ito samantalang ang pagdating ng Panginoon ay nalalapit na, may namamali ng pagtipa. Nangangamba akong ang direktor ay na—ang mga direktor ay nawala sa Espiritu ng Kompositor.

75 Kapag nakuha natin ang Espiritu ng Kompositor, ang orihinal na kapangyarihan ng Diyos (sinabi ng Biblia na inudyukan ng Espiritu Santo ang mga lalaki nung unang panahon upang isulat ang Bibliang ito), makikita n'yong maglalakip ang dalawang pirasong papel na iyon ng Intsik tulad ng paglalakip ng Biblia ng Diyos at ng isang mananampalataya. Sapagkat kapuwa sila nasa iisang Espiritu, iisa sila, lubusan silang lumalakip sa isa't isa.

Ang kailangan natin sa araw na ito ay mga director. Tama. Magbalik tayo sa Salita. Magbalik tayo at sampalatayanan natin kung ano'ng sinabi Nito. Kung magkagayo'y makikita n'yo mismo ang Diyos; 'yan ang paglalantad; ang drama ay naging realidad.

76 Sa araw na ito ay sinasabi nila, "Buweno, isa Siyang pangkasaysayang Diyos. Alam naming tumawid Siya sa Dagat na Pula.

Ginawa Niya lahat ng mga ito, at kasama Siya ng mga anak na Hebreo sa nagniningas na hurno." Ano'ng saysay ng isang Diyos ng kasaysayan, kung hindi na Siya gayon sa araw na ito?

Palaging niluluwalhati ng tao ang Diyos dahil sa ginawa Niya, iniisip kung ano'ng gagawin Niya, at hindi pinapansin kung ano'ng ginagawa Niya. Sadyang ganiyan ang tao, at ganiyan din sa araw na ito, mga kapatid; ganiyang-ganiyan din.

Ay, naku. Magbalik tayo at patugtugin natin ang symphony nang tama, upang makita ng sanlibutan. Ang sabi ni Jesus, "Kung Ako'y maitataas mula sa lupa, ilalapit ko ang lahat ng tao sa Akin." At Siya'y hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman.

Hayaan n'yong maging kaisa sa Espiritu ng mga director ang mga musikero at ang Kompositor, ang lahat ay magiging maayos. Kung magkagayo'y hindi na tayo manghuhula, napagkikilala na tayong kasama Niya. Ang sabi ng Hebreo 13:8, "Siya'y hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman."

77 Napagkilala tayong kasama Niya sa Mga Gawa 2. Napagkilala tayong kasama nila sa iisang bautismo, iisa lang. Lahat ng kung ano Siya noon, at lahat ng Siya ngayon, lahat ng Siya dati, at lahat ng Siya

ngayon, ay tayo rin ngayon. Tamang-tama nga.

Tulad din ng, kung gusto kong maging isang tunay na Amerikano, dapat akong mapagkilala sa lahat ng kung ano Siya, sa lahat ng Siya. Dapat akong mapagkilalang kasama nito, kung isa akong tunay na Amerikano. Gayon din kayo; lumapag kayo sa Plymouth Rock kasama ng manlalakbay nating mga magulang. Sa Plymouth Rock, nang lumapag sila roon, kasama nila ako; gayon din kayo, bawat isa.

78 Nangabayo akong kasama ni Paul Revere sa kahabaan ng daan upang magbabala tungkol sa panganib. Tama nga iyan. Dito sa Valley Forge, tinawid ko ang mayelong Delaware kasama ng isang lupon ng mga sundalo na ang kalahati sa kanila ay walang sapatos. Nanalangin ako nang magdamag kasama ni George Washington bago pa mangyari iyon. Tinawid ko ang Delaware na may pangitain sa aking puso. Tayo ay mga Amerikano. Opo. Sa Valley Ford, tunay ngang ginawa ko iyon.

Nagbalik ako ng pasasalamat kasama ng mga orihinal na mga magulang; nagbalik ako ng pasasalamat sa Diyos. Kung isa akong tunay na Amerikano, ako ay kaisa roon sa hapag. Kung isa akong tunay na Amerikano, kaisa ako nang tumayo akong kasama ni Stonewall Jackson. Kung isa akong tunay na Amerikano, kaisa ako sa Boston Tea Party (Opo.) nang tumanggi tayong mapaglinlangan. Kung isa akong tunay na Amerikano, kaisa ako niyon. Opo. Ay, naku.

79 Pinatunog ko ang Liberty Bell nung unang 4th of July taong 1776. Pinatunog ko ang Liberty Bell at diniklara kong tayo ay malaya na. Upang maging isang tunay na Amerikano kinailangan kong gawin iyon. Kaisa ako sa kaniyang kahihiyan sa panahon ng Rebolusyon, nang maglaban-laban ang magkakapatid . . . Kailangan kong batahin ang kaniyang kahihiyan kung papaanong kailangan kong dalhin ang kaniyang kaluwalhatian. Kung isa akong Amerikano, kailangang magkagayon ako. Napagkikilala akong kasama niya. Opo.

Kasama ako doon sa Gettysburg, nang magtalumpati si Lincoln. Opo. Nasa Wake Island ako, sa ibabaw ng duguang mga katawan ng sundalo. Nagbangon ako sa Wake Island. Sa Guam ay tumulong akong magtaas ng bandila. Isa akong tunay na Amerikano. Amen. Lahat ng siya, ay ako, at kinararangal ko ito. Tunay nga. Lahat ng kung ano ang Amerika dati, lahat ng siya ngayon, gayon pa rin ako upang maging Amerikano. Amen. Lahat ng kung ano siya dati, kailangang maging ako rin, sapagkat napagkikilala akong kasama niya.

80 Gayundin sa pagiging isang tunay na Cristiano. Kinakailangang mapagkilala kang kasama nito. Nangaral akong kasama ni Moises at ni Noe at nagbabala tungkol sa paparating na paghuhukom, upang maging isang tunay na Cristiano. Kasama ako ni Moises sa nagliliyab na palumpong; nakita ko ang Haliging Apoy; nakita ko ang Kaniyang kaluwalhatian. Kasama ako ni Moises sa ilang. Upang maging isang Cristiano, kinakailangan akong mapagkilalang kasama ng lahat ng kung ano ang Diyos dati, upang maging isang Cristiano. Nakita ko ang Kaniyang kaluwalhatian; narinig ko ang Kaniyang tinig. Huwag mo nang subuking pang ipaliwanag ito sa akin, sapagkat naroroon ako. Alam ko kung ano'ng sinasabi ko. Nakita ko kung ano'ng nangyari. Opo.

81 Nasa Dagat na Pula ako nang makita kong bumaba ang Espiritu ng Diyos at hinawi ang tubig sa isang tabi, hindi sila dumaan sa bungkos ng mga damo tulad ng sinasabi nila sa araw na ito, kundi sa dagat na siyamnapung piye ang lalim. Nakita ko ang Espiritu ng Diyos. Lumakad akong kasama ni Moises sa tuyong lupa, patawid ng Dagat na Pula. Tumayo ako sa tabi ng Bundok Sinai at nakita kong kumulog at kumidlat. Kasama nila akong kumain ng mana. Uminom ako mula sa Bato; gayon pa rin ang ginagawa ko ngayong gabi. Napagkilala akong kasama ng mga nagsikain ng mga mana. Napagkilala akong kasama ng mga nagsiinom mula sa bato.

Kaisa rin ako nang umihip si Josue ng trumpeta at nagiba ang mga pader ng Jericho. Nasa yungib ako ng mga leon kasama ni Daniel. Kasama ako ng mga anak na Hebreo sa nagniningas na hurno. Kasama ako ni Elias sa Bundok ng Carmelo.

82 Kasama ako ni Juan Bautista sa harap ng mga kritiko. Nakita kong nanaog ang Espiritu ng Diyos; narinig kong nagsabi ang tinig ng Diyos, "Ito ang sinisinta Kong Anak na lubos kong kinalulugdang panahanan." Opo. Tunay ngang napagkilala akong kasama niya. Tama nga.

Napagkilala akong kasama sa libingan ni Lazaro nang buhayin Niya si Lazaro. Napagkilala akong kasama ng babae sa balon nang sabihin Niya sa kaniya ang kaniyang mga kasalanan. Opo. Tunay ngang napagkilala akong kasama Niya sa Kaniyang kamatayan. At napagkilala ako sa unang Araw ng Pagkabuhay; kasama Niya akong nagbangon mula sa kamatayan. Napagkilala akong kasama Niya sa Kaniyang kamatayan.

Kasama ako ng 120 sa silid na mataas. Napagkilala akong kasama nila roon. Oh, napakarelihiyoso ng pakiramdam ko. A-ha. Ay naku. Kaisa ako roon. Isa ako sa kanila. Kaisa ako; taglay ko ang kaparehong karanasang naranasan nila. Naroon ako nang mangyari iyon, upang maging isa akong tunay na Cristiano.

Nasaksihan ko ang pagdating ng humahagibis na hanging malakas. Nasaksihan ko iyon. Naramdaman

ko ang kapangyarihan ng Diyos sa pagyugyog nito. Kasama ako ng mga nagsalita sa iba't ibang wika. Naramdaman kong dumating doon ang pagkapahid. Kasama nila ako. Napagkilala akong kasama nila nang magsimulang magsalita sa kanila ang Espriritu Santo sa iba't ibang wika. Kasama ako ni Pedro sa harapan ng mga kritiko sa Mga Gawa 2, nang mangaral siya ng isang dakilang sermon na kaniyang . . . Napagkilalang ako'y kasama niya. Opo.

83 Sa Mga Gawa 4, nang magkatipun-tipon sila, kasama nila ako nang mauga ang gusali. Pagkatapos ng prayer meeting, nauga ang gusaling kinaroroonan nila; kaisa nila ako roon.

Nangaral akong kasama ni Pablo sa Mars' Hill. Opo. Kasama ako ni Juan sa Isla ng Patmos at nakita ko ang Kaniyang ikalawang pagdating. Kasama ako ni Luther sa repormasyon. Kasama ako ni Wesley, na mistulang naglalagablab na kahoy na hinablot mula sa apoy, nung panahon ng malaking pag-aalsa laban sa Anglican church; kasama niya ako roon.

At narito ako ngayong gabi ng 1964, sa Philadelphia, Pennsylvania, kaisa ng kaparehong uri ng lupon, taglay ang kaparehong uri ng karanasan. Dapat akong magkagayon upang maging isang Cristiano. Kinakailangan akong makiisa kung saan naipahahayag ang Salita ng Diyos.

84 Nakikilala akong kaisa ng lupong nakadarama ng Espiritu ng Diyos. Nakikilala akong kaisa ng lupong nakaaalam na Siya'y nalantad, na Siya'y di nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman, na ito ay hindi isang panatisismo; ito'y si Jesus Cristo na di nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kaisa ako ng lupong naririto ngayong gabi, bagama't tinatawag silang isang bungkos ng mga erehe, at isang bungkos ng panatiko dahil sa Salita ng Diyos. Ngunit hindi ko ikinahihiya ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo, sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas nila.

Kasama ako ng mga buhay na sulat na aking ipinangusap, na binindika, Diyos na nasa anyo ng tao sa mga lalaki at babae. Oh,

85 Ang Diyos sa Kaniyang en morphe ay muling naglantad ng Kaniyang Sarili at nagpakilala sa Kaniyang bayan, ang dakilang haring nagsaisang tabi ng Kaniyang kaluwalhatian. "Kaunti pang panahon at hindi n'yo na Ako makikita. Matatabingan ako sa kanila, ngunit makikilala n'yo Ako; sapagkat Ako'y sasainyo, at mananahan sa inyo hanggang sa dulo ng sanlibutan. Nagpalit Ako ng anyo mula kay Luther patungo kay Wesley, tuluy-tuloy, mula sa kaluwalhatian tungo sa isa pang kaluwalhatian, Ako pa rin ang iisang Diyos na magbabalik sa orihinal na kaluwalhatian." Aleluia.

86 Winasak Niya ang bawat makadenominasyong tabing, bawat sound barrier. Ang tunog na nagsasabing, "Oh, panatisismo iyan," nilagos Niya iyon.

Ang tunog na nagmumula doon na nagsasabing, "Oh, mga baliw ang mga taong iyon," nilagos Niya ang tabing na iyan. Siyanga, ginawa nga Niya iyon.

"Oh, hindi n'yo kayang gawin iyon. Kayo'y isang lupon lamang ng mga panatiko." Nilagos Niya iyan. 161 "Walang ganiyang bagay tulad ng Makadiyos na pagpapagaling." Nilagos Niya iyan (Ay, naku.), sapagkat sinabi ng Kaniyang Salitang magpapagaling Siya. Hindi mo maaaring gapiin ang Salita ng Diyos.

At doon ay nakatayo pa rin Siya ngayong gabi, ang makapangyarihang Manlulupig, mula nang wasakin Niya ang bawat tabing na Methodist, Baptist, Presbyterian, at lahat ng ibang uri ng tabing. Nakatayo pa rin Siya sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan sa gabing ito, di nalupig ng mga tradisyon. Hayaan n'yong sabihin ng mga tao kung ano'ng ibig nila; nilalagos ng Diyos ang sound barrier (tinig harang) na iyan.

87 At alalahanin, ang sabi nila sa akin kapag nalampasan na ng eroplano ang sound barrier di mo na malilimitihan ang bilis nito. At sinasabi ko sa inyo, kapag nawasak n'yo na ang harang ng tradisyong iyan, na "Si Jesus ay ganiyan noon ngunit hindi na ngayon," kapang nasumpungan mo Siyang di nagbabago kahapon, ngayon at magpakailanman, di malilimitahan kung

ano'ng maaaring gawin ng Diyos sa kumbensyong ito, at ipakikita Niya sa sanlibutang ito kung ano'ng kailangan nila; hindi isang World's Fair, kundi isang pandaigdigang revival na mapupuspos at mababaustismuhan ng Presensya ng Buhay na Diyos: ang en morphe na nakalambong ng laman ng tao. Aleluia.

Naniniwala akong winasak nito ang bawat harang, bawat tabing. Bawat tabing, walang anumang makapagkukubli sa Kaniyang Presensya. Kapag nagutom ang tao sa kaniyang puso, may tabing na handa nang mawasak; maaasahan n'yo 'yan. Hinapak Niya ang bawat tabing sa pamamagitan ng Kaniyang dakilang Espritu Santo. At nakatayo Siya dito ngayong gabi, ang makapangyarihang Manlulupig: siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, nagpapagaling sa maysakit, nagbabautismo sa mga mananampalataya, tulad ng lagi Niyang ginagawa. Siya ang makapangyarihang Manlulupig. Ang mga hinatulang demonyo ay nagtatakbuhan. Opo. Ganiyan sila kapag Siya'y naririyan.

88 Sa pagtatapos ay maaari kong sabihin ito. May isang . . . May nabasa akong kuwento maraming taon na nakalilipas tungkol sa isang biyolinista. Mayroon siyang lumang biyolin, at ipinagbibili niya iyon. (Narinig n'yo na nang maraming beses ang kuwento.) At nais nilang ibenta ito sa isang halaga. At ang mansusubasta ay nagsabi, "Sinong magbibigay sa akin ng ganito-atganiyan?" At sa paniwala ko'y inalok siya ng ilang barya, marahil ay limampung sentimo o kung magkano. "Isa, dalawa . . ." Biglang may isang lalaking tumayo sa likuran; ang sabi niya, "Sandali lang." Lumapit siya at ito'y kinuha. Isipin nating ganito ang kaniyang tinugtog: There is a fountain filled with blood Drawn from Immanuel's veins; When sinners, plunge beneath the flood, Lose all their guilty stain:

Nang ilapag niya ito, walang matang tuyo sa lugar na iyon. Pagkatapos ay sinabi niya, "Sinong mag-aalok . . ." May isang nagsabi, "Limang libo." "Sampung libo."

Wala itong katumbas na halaga. Bakit? Inihayag ng matandang maestro ng biyolin ang tunay na kalidad nito. Oh, kapatid na lalaki at babae, hayaan n'yong kuskusin ngayon ng pag-ibig ng Maestro ng Salitang Ito, ng dakilang Espritu Santo, ang arko ng Kaniyang biyolin at ihagod ito sa inyong puso. There is a fountain filled with blood Drawn from Immanuel's veins...

Makikita n'yo ang buong halaga at tatambad sa inyo ang nalantad na Diyos, na Siya'y tulad pa rin ng dati nang lumukob Siya sa mga tao nung araw ng Pentecostes, nang ibuhos Niya ang Kaniyang Sarili hanggang sa lubos Siyang mabasyo patungo sa kanila. Tama.

Sasabihin mo, "Brother Branham, sinubukan ko na. Sumubok na ako. Ginawa ko na ang ganito, ganiyan, at iba pa."

89 Isang araw, nakikipagpulong ako sa Carlsbad, New Mexico; at pumasok kami sa isang yungib ng mga paniki na naroroon; at medyo nakatatakot ang itsura niyon. At bumaba kami roon; at nang bumaba roon ang lalaking iyon, pinatay niya ang ilaw. At naku, makikinikinita mo kung gaano iyon kadilim. Sadyang napakadilim na nadarama mo ito. At ganiyan na nga ang kinahahantungan ng kapanahunan. Kapag nakikita mong di nakikilala ng iglesia ang Salita ng Diyos; kapag nakikita mo ang kalagayan ng mga anak na babae ng Sion; kapag nakikita mo ang mga kapatid na lalaking naninigarilyo, at umiinom, at nagpapatawa nang marumi, at iba pa, at sinisikap pa ring panatiliin ang pag-aangkin kay Cristo (Ay, naku.); madilim; napakadilim.

Nakikita na natin ang tanda ng Kaniyang pagdating. Magkakaroon ng . . . Sa tuwina ay pinakamadilim bago mag-umaga. Pagkatapos ay lumalabas na ang Tala sa Umaga upang batiin ang araw, at upang ihayag at ipakitang ito'y paparating na.

Pansinin n'yo.

90 Sa loob no'n, nang patayin nila ang ilaw, may batang babaeng tumili nang todo. At may batang lalaking nakatayo sa tabi ng tagagabay. At nakita niya ang tagagabay nang patayin nito ang ilaw. At handa nang mag-ihit ng iyak ang batang babae. Tumitili siya at nagtatatalon, "Oh, ano na'ng susunod na mangyayari? Ano'ng nangyayari? Ano'ng nangyayari?

Alam n'yo kung ano'ng isinigaw ng batang lalaki? Ang sabi niya, "Huwag kang matakot, munti kong kapatid. May lalaki rito na makapagbubukas ng ilaw."

Makinig ka, munti kong kapatid, maaaring iniisip mong maliliit tayo at kakaunti lang, ngunit huwag kang matakot. May Lalaki rito na makapagbubukas ng ilaw; iyan ay ang Espiritu Santo. Naniniwala ba kayo dito?

91 Magsiyuko tayo sumandali. Ipagpaumanhin n'yo na pinagtagal ko kayo. Oh, dakilang Diyos ng kalangitan, na naglalantad ng Iyong Sarili, naghahayag, nagpapakilala bilang dakilang Hari ng kaluwalhatian, kunin Mo po ang munting mga paglalarawang ito ngayong gabi at hayaan Mong mahulog sa puso ng mga tao. At makita nawa namin ang nalantad na Isang iyon, Yaong bumaba at humapak sa tabing ng templo, at pagkatapos ay lumabas sa tabing na iyon, at pumasok sa mga taong tabing sa araw ng Pentecostes, na di nagbabago kailan man, nahahayag mula sa isang kaluwalalahatian tungo sa higit na kaluwalhatian.

At ngayon, nagbalik kami tulad ng pagkilos ng lahat ng kalikasan, sa orihinal na binhi, mula sa isang kapanahunan ng iglesia tungo sa isa pa. At sa huling kapanahunang ito, naririto na naman kami sa orihinal na bagay na bumaba sa araw ng Pentecostes upang tuparin ang bawat Kasulatan, ang Liwanag sa panahon ng gabi, at, "Ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman ninyo," at marami pang ibang ipinangako Mo sa Iyong Salita.

Ama, kung may isa ritong hindi pa nakalalagos sa tabing na iyon, o kung may isa ritong nanggaya lamang sa nakalagos na sa tabing, magkaloob Ka po ng biyaya ngayong gabi, Ama. Makita nawa nila ang makapangyarihang Manlulupig na nakatayo rito, na puspos ng biyaya at kapangyarihan upang magpatawad. Itulot Mo po ito, Ama.

92 At habang nakayuko tayo, mayroon bang ilan sa mga naririto? Ilan ba (maaari kong sabihin) ang nais na magsabi, "Brother Branham, itinataas ko ang aking kamay. Ipanalangin mo ako." Manatili lang kayong nakayuko at itaas n'yo ang inyong kamay. "Nais kong malagos ang lahat ng tabing hanggang sa talagang makita ko ang Manlulupig." Pagpalain ka ng Diyos. Naku—ang mga kamay. Sa bandang kanan ng balcony. Pagpalain kayo ng Diyos. Sa likuran ng balcony. Pagpalain kayo ng Diyos. Maging tapat kayong tunay. Sa bandang kaliwa, itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin n'yo, "Brother Branham, maaaring maraming taon na akong Cristiano, ngunit ang totoo, hindi pa ako nakalalagos sa tabing na iyon. tunay na hindi ko pa iyon nagagawa. Wala ako niyaong taglay nila noon."

Sa araw na ito mayroon tayong ganito, "Isa akong halamang pinalaki sa punlaang alaga ng tao." Kunin nating halimbawa ang isang bulaklak na pinalaki sa isang punlaang alaga ng tao; kailangan mo itong tratuhin tulad sa sanggol, haplus-haplusin, bugahan, diligan; ngunit ang orihinal na halamang tumutubo sa disyerto, kaparehong uri ng bulaklak, ganu'n din ang itsura; walang nakukuhang kaunti mang tubig, ngunit hindi kinakapitan ng kulisap. Matatag ito. Tunay itong . . .

93 Maikukumpara mo ba ang Cristianismo sa araw na ito sa kung ano ito dati? Maiisip mo ba ang lupong ito, ang tinatawag nating mga Cristiano sa araw na ito sa buong mundo, na katulad niyaong pagkatapos ng Pentecostes, tinatratong parang sanggol, tinatapik-tapik, palipat-lipat sa iba't ibang simbahan, na kapag may nasabing di nagustuhan ay tatayo at lalabas? At naku, maiisip n'yo ba iyon? Hindi. Ano'ng problema? Isa itong kopya. Si Michaelangelo na gumawa ng monumento ni Moises . . . Makakukuha ka ng isang kopya niyon nang murang-mura, pero ang orihinal . . . Ang nagpinta ng Hapunan ng Panginoon . . . Sa wari ko ang orihinal na painting niyon ay nagkakahalaga ng milyung-miyong dolyar, kung ibinebenta man iyon. Ni hindi ko na nga alam kung saan iyon naroroon. Ngunit makabibili ka ng murang kopya niyon sa halagang uno nobenta dolyares. Maaari.

94 At ganiyan din sa araw na ito. Ang isang mumurahing Cristiano, isang kopya, na pasali-sali lamang sa iglesia, maaari mo silang mabili ng isang sigarilyo, o ng isang tagay. O para sa isang babaeng pugot ang buhok, pinturado ang labi, maaari mo siyang mabili ng anumang bagay na nasa moda ng sanlibutan, ngunit hindi mo iyan maikukumpara sa tunay.

Nakikita ko Siyang nakalantad nang lubusan, pareho pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Oh, Cristiano, hindi mo ba nais na maging isang tunay na Cristiano? Kung mayroo pang hindi nagtaas ng kamay, maaari bang gawin n'yo ito habang . . . Mananalangin lang ako. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Oh, sadyang napakainam niyan. Tignan n'yo lang ang.

95 Makalangit naming Ama, hindi babalik sa Iyo ang Iyong Salita nang walang kabuluhan. Ikaw ang nangako. Ang tungkulin ko lang ay ang ipahayag na sinabi Mo iyon. Inuulit ko lang ang Iyong mga Salita. Ang sabi Mo, "Ang dumirinig ng Aking Salita at sumasampalataya sa nagsugo sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan." Ipinangako Mo ito. At, Panginoon, alam naming maraming gayong mga kopya sa araw na ito, marami ang nagsasabing sumasampalataya sila samantalang hindi naman; nahahayag ito. Ngunit, Panginoon, mayroon ding ilang mga tunay.

Idinadalangin ko pong itulot Mo dito ngayong gabi na bawat lalaki at babae, batang lalaki at babae, maging anuman ang kanilang pagkamamamayan, anuman ang kulay nila, saan mang simbahan sila kasapi . . . Oh, Diyos, puspusin Mo sila. Makita nawa nila ang tunay na manipestasyon ng iisang Jesus na iyon sa araw na ito sa aming kalagitnaan, tulad ng sa araw ng Pentecostes nang ihayag Niya ang Kaniyang Sarili para sa kapanahunang ito, bilang Espiritu Santo. Itulot mo po ito.

Yamang nakikita naming natupad na ang Salita, ang mga hula'y naganap na,

96 inihahambing namin sa araw na ito ang tinatawag na iglesia ng sanlibutan—o ang Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia, sa pangako nu'ng Pentecostes; hindi talaga maikukumpara. Hindi namin mapalalabhan ang marurumi naming damit sa tiket na iyon.

Ngunit, Panginoong Diyos, kung babalik kami sa Bukal, may isang proseso ng paglilinis. Itulot Mo po ito, Panginoon, ngayong gabi, habang pinagkakatiwala ko ang mga taong ito sa Iyong mga kamay. Ipagkaloob Mo po sa isa't isa ang aming pangangailangan, Ama. Hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen.

97 Pagpalain kayo ng Diyos. Maraming salamat sa inyong pagtayo, sa paghihintay nang matagal, at ipagpaumanhin n'yong napagtagal ko kayo ng hanggang alas diyes diyes. Sumainyo nawa ang Diyos hanggang sa muli nating pagkikita bukas ng umaga. Ibinabalik ko na ang gawain sa, wari ko'y, sa emcee.

www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7